


# ANG KAPANAHUNAN NG IGLESYA NG SARDIS

 . . . na hari. Sinasabi sa akin ng kapatid ko na narito ang mga panyo, para raw po sa isang tao na naghihingalo dahil sa kanser. Kaya ipapanalangin natin sila maya-maya. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “May dalawa pong kahilingan diyen sa kabila.”—Pat.] Dalawang kahilingan po? Sige, aking. . . [“Ang isa sa kanila. Ang isa’y kahilingan.”] Sige, po. At ipapatong ko ang mga ito rito para ipanalangin din.

<sup>2</sup> At heto po’t may nagpasa ng papel, kalalapit lang at nagpasa ng papel na . . . tungkol sa mga gawain para bukas. Kayo po na narito na bumisita sa amin, ikagagalak namin na kayo’y makabalik nang hapon nang alas dos, bukas po ng hapon, sila po’y magkakaroon ng gawain ng pakiking sa teyp. At kung wala po kayong gagawin na anuman, baka may isa sa mga mensahe na—na hindi n’yo pa napapakinggan na ipi-play po at magkakaroon ng gawain ng pananalangin, at—at tayo’y umaasa mismo ng mainam na panahon bukas ng hapon nang alas dos. Siguradong marami akong gagawin dahil bukas, kita n’yo, ako ang mangangaral ng Linggo ng umaga, at pati na rin Linggo ng gabi, at maging bukas ng gabi, rin, at tatalakayin ang lahat ng kasaysayan ng mga iglesyang ’yun.

<sup>3</sup> At ngayon, Linggo ng umaga, loobin ng Panginoon, tayo’y umaasa sa dakilang panahon, dahil sa Linggo ng umaga’y galing tayo sa pahinga, haya’t parang pahinga na rin ’yung Sabado ng gabi. . . ang paksa ay ang Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea. Pero sa Linggo ng umaga nais kong talakayin ang: *Ang Natutulog Na Birhen*, at *Ang Pagkabuhay Na Mag-Uli*, *Ang apat. . . Sandaan at Apatnapu’t Apat Na Libo*, at lahat nung mumunting mga detalye na hindi pa naipapaliwanag masyado na bumibigkis sa mensahe para maglakip para sa Linggo ng umaga. Ang mga gawain ay magsisimula ng alas nuwebe. Tama po ba, pastor? Nang alas nuwebe, Linggo ng umaga, para matalakay natin ang lahat ng mga bagay na ’yun tulad na lang ng “Anong mangyayari sa mga natutulog na birhen, at anong mangyayari sa mga matatalinong birhen? Kailan sila babalik? O saan magpapakita ang sandaan at apatnapu’t apat na libo?” At marami pang bagay na gaya nun para sa Linggo ng umaga, na sisikapin natin na mabigkis ’yun na lumakip, na lalapat mismo sa mensaheng ito. At pagkatapos sa Linggo ng gabi ay tatalakayin na natin ang huling dakilang anghel at ang Mensahe para sa Laodicea, Linggo po ’yan ng gabi, loobin ng Panginoon.

<sup>4</sup> At ngayon, pagkatapos, bukas ng hapon ay 'yung gawain dito, isa pong gawain ng pakikinig sa teyp. Nabanggit sa akin ni Kapatid na Gene na sila'y...tayo'y magsisimula ng alas dos ng hapon bukas. At kayo po na nagnanais dumalo para makapakinig ng mga mensahe, nais manalangin sa palibot ng altar, kayo po na hinahanap ang Espiritu Santo o isang bagay, maluwalhating panahon. Ang iglesya po'y kaaya-aya at kalugud-lugod, bukas po ito, at handa para sa kaninuman anumang oras na mga nagnanais na pumarito at manalangin at hanapin ang Panginoon. Ang simbahan po'y bukas at naghihintay. At tayo'y...inaasahan po namin kayo, totoo po 'yan, inaasahan namin kayo bukas ng hapon.

<sup>5</sup> O anumang oras na ninanais n'yo na magpunta sa simbahan para manalangin, siyanga't, lagi pong nakahanda ito. At kung mangyari po na ang mga pintuan ay nakakandado o kung ano, diyan lang po sa tawid ng kalsada, nandiyan ang kapatid ko, na siyang tagapangalaga rito. Sa tingin ko 411, sa palagay ko nga...O 811 (ano nga...?) 811, diyan lang po 'yan sa tapat na nakapahilig mula sa simbahan dito, 811. Mangyari po na siya, ang...nasa maybahay po niya ang susi kung hinatak nila para isara ang pinto't kinandado ito, pero iniiwan naman nila itong nakabukas marahil sa umaga, bukas ito. O, pagkatapos ng gawain, sarado kapag gabi, para 'yung mga bata'y hindi magtakbuhan dito, alam n'yo, at masisira 'yung mga bintana at kung ano pa; alam n'yo naman ang mga bata, lalo na sa panahon ngayon. Kaya sinasarado namin sa kadahilanan na 'yun. Ayaw man namin na isara ang pintuan ng simbahan anumang oras. Marahil kapag 'yung kabila'y naayos na, gagawin namin ito kaya maiiba na, at tayo...may magbabantay na lagi para ang mga tao'y makapasok at makapanalangin, at makahiling ng kagalingan, masumpungan ang Espiritu Santo.

<sup>6</sup> Kayo po, na wala pang Espiritu Santo sa inyong buhay, pumarito kayo, lumagi kayo rito, manatili lang buong gabi kung gusto n'yo, sadyang manatili lang po hanggang sa talagang matanggap n'yo Ito.

<sup>7</sup> Sino nga po pala 'yung nandito kanina na umaawit, "Ang Diyos ay nasa akin nang buo, at ang Diyos ay nasa lahat ng dako"? Akala ko—akala ko nga dumating na ang Pag-agaw; ako, tumingin-tingin ako sa paligid doon, at tinitingnan ko kung nandiyan pa ang mga tao. Ganoon pong kamanghang-mangha; lugod na lugod ako roon. Magagawa nga nating lumagi dun anumang oras. Siyanga, po. Yun...Kapapasok ko lang, tamang-tama na 'yun agad ang napakinggan ko.

<sup>8</sup> At di ko lagi naaabutan ang maiinam na mga pag-awit sa mga pagtitipon na ito dahil naisip ko na marahil ay...Oh, masyado po akong abala, alam n'yo naman po 'yun. Ang mga tao'y—ang mga tao'y dumarating sakay ng eroplano, sakay ng tren, sakay ng...Hindi mo—hindi mo malalaman, kita n'yo,

dahil minsan dumarating na lang sa pamamagitan ng tawag sa telepono, kailangan mong puntahan sila, katagpuin sila at manalangin para sa kanila, at lahat po ng dako 'yan. Tuluy-tuloy po, at pagkatapos magsisikap na makapag-aral pa; kaya nagiging munting problema. Pero lagi tayong nagagalak na makasalamuha ang mga tao at gawin ang anuman na magagawa natin para sa kanila dahil ito'y... 'yan ang ating... tayo'y pampublikong lingkod ng Panginoong Jesus Cristo para sa Kanyang bayan sa panahon na ito. At nais nating gumawa sana nang higit pa sa magagawa natin, pero hindi nga natin magawa.

<sup>9</sup> May ministro po na isinugod dito ngayong umaga, sinumpong ng pagkanerbiyos, talagang masamang-masama ang lagay, mabait na lalaki. At ang dahilan ay dahil siya'y... siya'y nasobrahan sa kakatrabaho. Akma... Akma nga siyang tatayo, at 'yung munti niyang anak na babae na nakatayo sa loob ng silid, ang tingin niya sa bata'y parang umiikot-ikot. Ang bata'y nakasuot ng munting pulang pajama; ang sabi'y ang huling naalala nung lalaki'y may munting pulang tuldok na umiikot, nang umiikot, nang umiikot, nang umiikot, nang paganoon. Nawalan siya ng malay, kita n'yo. At kaya isinugod nila siya agad-agad. Yun—'yun pala'y dahil sa sobrang pagtratabaho, kita n'yo. Alalahanin n'yo—alalahanin n'yo kayo'y pisikal at nais natin—nais natin... iniisip natin na ang buong pasan ay iniatang sa atin. Pero, alam n'yo, ang Diyos ay may mga lingkod sa lahat ng dako para asikasuhin ang ilan sa mga 'yan, at kaya ginagawa lamang natin ang pinaka mainam na magagawa natin. Pero heto ang isang kalugud-lugod na ministro na nagsisikap mismo na gawin ang lahat ng magagawa niya sa huling mga araw na ito para sa kanyang Panginoon. Sigurado ako... Haya't pinagaling siya ng Panginoon doon mismo, maayos na ang lagay niya, at pinanauli siya mismo, normal na, maayos na, umuwi na nga siya, na nagbubunyi.

<sup>10</sup> At, oh, isang dakilang bagay ang nangyari ngayon. Ayaw ko lang sana magpasimula sa mga bagay na ito, pero... Alam n'yo, sinabi ko sa maybahay ko, sabi ko, "Ngayon, may pupunta rito, at siya'y lalaki, na maliit, mataba, itim ang buhok at itim ang mata, babasahin niya ang tanda na 'yan at mag-uumpisang... pero tatawagin mo siya, kita mo." Sabi ko, "Dahil ang Panginoon ay may mensahe para sa kanya." At itinaas ko 'yung Biblia na nakabuklat, tapos sabi ko, "Ilalatag ko lang ang mga bagay na ito rito para makita mo nang eksakto kung ano ang nais ng Panginoon na gawin ng lalaking ito."

<sup>11</sup> Walong taon ang nakararaan, isang Polish na lalaki mula Poland, na lumaki sa Poland... Sa isang pagtitipon, lumapit ang lalaki dun sa entablado at ang sabi nila... o tiningnan siya ng Espiritu Santo, sinabi sa kanya, sabi, "Nalilito ka lang." Yun ang... Akala nung lalaki'y ako ang nagsabi nun, pero ang Espiritu Santo ang nagsabi. Naglumagi 'yun nang tuluy-tuloy

sa kanya, at sa dulo'y inudyukan siya na bumiyahe mula Kansas City papunta sa gusali kagabi, at pagkatapos siya'y nalito nang husto nung marinig niya ang tungkol sa pagbabautismo na 'yun sa tubig. Pagpunta niya sa kanyang hotel, tapos sinabi sa kanya ng Espiritu Santo, "Tumayo ka ngayon at magtungo ka roon." May gusto sanang sumama sa kanya, pero tumanggi siya dahil dun sa pangitain ay siya lang ang nagpunta. Kita n'yo? At pagkatapos...at siya, may pagkamaginoon mismo na basahin ang tanda, bumungad, tumalikod, at tinawag siya ng maybahay at pumunta na ako sa pintuan, sabi ko, "Siya na 'yan—siya na 'yan, sige't papasukin n'yo."

<sup>12</sup> Sabi niya, "Ano pong dapat kong gawin?" Matapos na makita niya, sabi niya, "Ngayon nakita ko na."

Sabi ko, "Nais kong ipakita ito sa inyo para makita n'yo na ngayon, kita n'yo." Sabi ko, "Sinabi sa akin ng Panginoon na parating ka." Maaari n'yo siyang tanungin. Sabi ko, "Ngayon, heto ang Kasulatan. Basahin mo ito rito bago ka magpatuloy."

<sup>13</sup> Buweno, narito siya para magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo ngayon. Kaya...?. . .Marahil nandito siya't nakaupo ngayon, sa pagkakaalam ko. Nandito ka ba, kapatid? Isang kapatid, isang Polish na kapatid na lalaki. Huh? Oo, diyan sa likod sa sulok nandito nga siya, opo. Tumayo... itaas mo ang kamay mo para makita ka nila riyon. Sige. Ang makita ang Espiritu Santo... Talagang nangyayari 'yan sa tuwina. Maraming tao ang iniisip na ang mga pangitain ay nagbubuhay lang sa entablado. Oh, hindi 'yun ang nagbubunsod nun. Ano nga 'yun, Kapatid na Leo? Haya't sa lahat ng dako mismo, kita n'yo. Buweno, ito nga'y munting dako lang para Rito, dito. Dito nga'y kakaunti lang ang nangyayari. Diyan sa labas Ito'y nangyayari mismo nang buong umaga't gabi, kita n'yo. Siyanga, tanungin n'yo ang maybahay ko, at kanyang...o sila, at ang kapitbahay ko diyan sa likod, si Kapatid na Wood, at lahat ng mga nasa palibot. Oh, grabe! Mumunting—mumunting mga bagay lang ang nandito; 'yung malalaking bagay ay nangyayari roon. Ngayon, at ang kalahati'y hindi pa nga naisasaysay. Oh! Ako nga'y galak na galak para rito, yamang nalalaman na ang ating Panginoon ay malapit nang dumating at tayo'y makakasama Siya nang magpakailanman; hindi *magpakailanman*, bagkus ay *Walang Hanggan*, nang Walang Hanggan.

<sup>14</sup> Ngayon, loobin ng Panginoon, naniniwala ako na sa ika-labingwalo pa, sa Linggo, sa sanlinggo pa. Linggo, sa sanlinggo pa, sa ika-labingwalo. Nakipagbaka ako nang husto; sinubukan ni Satanas na bigyan ako ng trangkasong ito na kumalat na sa mga narito, akin ngang paulit-ulit na ibinabalik 'yun sa kanya; at kanya namang ibinabalik sa akin, at aking ibinabalik nga sa kanya. Kaya...at kaya ako'y nakipagbaka nang kaunti. Kaya babakahin natin ito marahil para sa susunod na sanlinggo. At pagkatapos, loobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo, sa ika-

labingwalo. At susubukan natin na makapagdaos ng gawain para manalangin sa mga maysakit dahil sila'y . . . tumatambak nang tumatambak ang mga bagay-bagay at may mga tunay na nangangailangan talaga ng agarang tugon haya't sinisikap natin na asikasuhin 'yan nang simbilis na makakaya natin, at ang mga oras, sa buong oras ng gabi at lahat ng dumarating at umaalis. Kaya sa ika-labingwalo tayo'y magkakaroon ng isang regular na gawain ng pagpapagalang. At kung may mga mahal sa buhay kayo na nais n'yong maipanalangin, buweno, dalhin n'yo sila, o dalhin n'yo sila sa pagkakataon na 'yan.

15 Ngayon, marami sa mga taga-rito sa Jeffersonville ang sinasabi sa akin, ang sabi'y nagpupunta raw sila rito sa oras, mga alas singko pa nga, sabi'y wala na raw silang puwesto para pagparadahan ng mga sasakyan nila (o alas sais). Kaya kanilang . . . Sabi ko, "Buweno, inyong . . . Ito kasi'y mga bumibisitang mga kapatid mula sa kung saan-saan pa, mga tao, marami ay mga ministro." Sabi ko, "Sila'y—sila'y naglulumagi mismo sa pagtuturo Nito."

16 At sinisikap lang nating talakayin 'yung mga mahahalagang bagay. At pagkatapos paglaon, hayan nga't, isasalibro natin ito para mabasa n'yo at—at may ilan—ilan pa na idadagdag dito, dahil sa panggabing . . . Kung napansin n'yo, nitong huling dalawang gabi, sinisikap ko, na, tipirin ang boses ko, kita n'yo, dahil para dun sa malaking paghantong, 'yun ang bagay na nais kong masigurado; doon nga kung saan ang kapahayagan ukol kay Cristo ay maipahayag sa kapanahunan na ito, kita n'yo, tungkol sa kung ano ito.

17 At ngayon, bago tayo magsimulang magbasa ng Mga Kasulatan . . . At alam ko na bukas ay malaking araw ng pamamalengke kung kailan lahat tayo'y kinakailangang magpunta't mamili ng mga pangangailangan sa bahay ng pang-Sabado ng gabi. At kailangan nating mamili nang Sabado ng hapon o Sabado ng umaga, mismo, para 'yung Sabado ng gabi'y libre tayo na makapunta sa simbahan. Kaya sisikapin natin na mapalabas kayo nang maaga ngayong gabi para hindi kayo sobrang pagod bukas para mamili nito, at pagkatapos ay makabalik pa sa gawain sa hapon kasama ang mga kapatid dito para makapakinig sa mga teyp at—at gayundin para sa bukas ng gabi.

Ngayon, maaari ba tayong tumayo muna pansumandali para sa pananalangin, kung mamarapatin n'yo.

18 Iniisip ko lang, bago tayo manalangin, kung mayroon ba rito na may espesyal na kahilingan para sa panalangin, kung nais n'yong ipaalam ito sa pamamagitan ng pagtaas ng kamay. Nakikita ng Diyos. Ngayon makikita n'yo kung tayo ba'y nasa isang mundo ng pangangailangan o hindi, mga kapatid. Sa palagay ko siyamnapu't lima o siyamnapu't walong porsiyento

ng mga narito ang nagtaas ng kanilang mga kamay ngayon lang para . . . Ngayon, alalahanin n'yo, hindi n'yo magagawang kumilos nang hindi 'yun nalalaman ng Diyos. Kita n'yo? Alam Niya ang inyong mga intensyon, alam Niya kung ano ang hinihiling n'yo.

Iyuko na po natin ang ating mga ulo:

<sup>19</sup> Mapagbiyayang Makalangit na Ama, kami po'y dumudulog sa Iyong Kabanalan ngayong gabi, sa Iyong Luklukan, sa pamamagitan ng Iyong pangako na Iyong sinabi na Ikaw po'y didinig. At kung kami'y sasampalataya, ipagkakaloob Mo sa amin ang bagay na hiniling namin. At amin pong ipinagtatapat ang lahat ng aming mga kamalian. Napagtatanto namin, Panginoon, na kami'y hindi—kami'y hindi karapat-dapat sa anumang mga pagpapala Mo. Kami'y—kami'y hindi karapat-dapat. Kami'y hindi karapat-dapat mismo, at hindi po kami dumudulog na para bang kami'y—kami'y karapat-dapat at—at kami'y nakagawa ng kung anong bagay na dakila. Oh Ama, sa aming pagtingin sa Kalbaryo, 'yun nga ang nag-aalis ng lahat ng kadakilaan mula sa amin, kami'y—kami'y walang ibang nalalaman na iba pa kundi si Cristo at Siya ay napako sa krus. Pagkatapos noong makita namin Siya na nagbangon sa ikatlong araw batay sa Kasulatan, para sa aming pag-aaring ganap, bumalik apatnapung araw pagkatapos na nasa anyo na ng Espiritu Santo, para mamalagi kasama namin hanggang sa Kanyang nakikitang pagpapakita na sa alapaap sa huling panahon. At nakikita namin ang huling panahon na 'yun ay papalapit na nang tunay na mabilis na ngayon. At kami'y ang pinaka masayang tao, Panginoon, dahil haya't—haya't Iyong ipinagkaloob sa amin ang dakilang pribilehiyo na ito.

<sup>20</sup> Ako po'y lubos na nagpapasalamat, Ama, na ang nakikinig na mga narito'y nakaupo na may mga pusong nakayuko, at nakikinig . . . ? . . . At saka, Panginoon, ipinapanalangin ko na Iyong lilininis ang aking mga labi sa gabing ito, at sa bawat gabi at bawat pagkakataon na ako'y sasampa sa Iyong pulpito para mangusap sa Iyong mga tao; dahil, Panginoon, huwag Mo po akong papagsalitaan ng anumang bagay na mali. Ikaw po ay may kapangyarihan pa rin na itikom ang mga bibig ng leon gaya ng Iyong ginawa noon doon sa lungga ng mga leon kay Daniel. At kung may bagay ako na masasabi na hindi batay sa Iyong kalooban, Iyo pong itikom ang aking bibig, Panginoon, nang sa gayon ay hindi ko ito maipangusap. Iyo pong iwaglit ang aking isipan; Iyo pong ilagak ako sa tamang daan, Panginoon, kung saan ako'y hindi magsasalita ng anupamang ibang bagay kundi ang Katotohanan. Sapagkat napagtatanto ko na sa dakilang araw na 'yun ang mga taong ito ay maghihintay sa ibayo sa . . . maghihintay batay sa ministryo na aking ipinangaral sa kanila. Kung Ikaw po'y paparito para—para gamitin ang alinman sa Iyong mga bituwin, at Iyong mga anghel, Iyong mga ministro,

Iyong mga lingkod, kinakailangan silang mahimay unang-una batay sa mga Mensaheng ito na aming ipinapangaral dito. Iyo pong pananagutin sila, na Iyong mga lingkod.

<sup>21</sup> Ngayon, Ama, dalangin ko na Iyong ipahihintulot ang Espiritu Santo na mangusap at hindi tao. Iyo pong tuliin ang aming mga puso nang sa gayon ay makapakinig kami sa Kanya. Ako'y makikinig mismo, Ama. Dalangin ko na Iyong pagagalingin ang mga maysakit at ang nagdadalamhati. Lahat ng mga tao na nangangailangan, sa lahat ng dako, Iyong ibunsod ang Iyong biyaya at awa na mapasakanila. Iyong ipagkaloob ang bawat kahilingan na ipinaalam ngayong gabi sa pamamagitan ng pagtataas ng kamay. Sa labas sa buong bansa samantalang maraming iba pa ang nagdurusa, maging sila na sinasagisag ng mga panyo na ito, at ang mga kahilingan na nakalatag sa ilalim ng kamay ko rito, maibunsod nawa ang Espiritu Santo na tumugon, Ama, at pagalingin ang maysakit. Ikaw po'y mangusap sa amin ngayon sa pamamagitan ng Iyong nasusulat na Salita, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay aming hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. Makakaupo na kayo.

<sup>22</sup> Ngayon, ngayong gabi'y medyo mainit sa loob ng simbahan. Malapit na nating matalakay ang dakilang Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea. At ngayong gabi ay dadakuan natin ang isa pang dakilang kapanahunan ng iglesya na—na ikalimang kapanahunan ng iglesya. Natalakay na natin ang unang kapanahunan ng iglesya, ang Efeso. Marahil babasahin ko uli ito sa pasimula, ang lahat ng mga ito'y nakasulat dito at kaya gusto ko lang basahin uli ang mga ito sa inyo na nais pagtugmain ang nakasulat sa inyong mga papel.

<sup>23</sup> Ang unang kapanahunan ng iglesya ay ang Kapanahunan ng Iglesya ng Efeso, mula A.D. 55 hanggang 170. Si Pablo bilang ang bituwin, at 'yun ang unang kapanahunan ng iglesya. "Mga gawa na walang pag-ibig" 'yun ang hinaing ng Diyos. Ang gantimpala'y "Punongkahoy ng Buhay."

<sup>24</sup> Ang ikalawang kapanahunan ng iglesya ay 170 hanggang 312, si Ireneo bilang ang mensahero ng panahon na 'yun. At ang hinaing ay ang inuu-. . . ang mga kapighatian, at isang inuusig na iglesya. Ang gantimpala, "Putong ng Buhay."

<sup>25</sup> Ang ikatlong kapanahunan ng iglesya ay Pergamo, si San Martin bilang ang mensahero ng iglesyang 'yun. Ang kapanahunan ng iglesya ay mula 312 hanggang 606. Ang hinaing ay "huwad na doktrina, pagsisinungaling ni Satanas, ang pagtatag ng paghahari ng Papa, at ang pag-iisa ng iglesya't estado." Ang gantimpala ay "natatagong manna, at isang puting bato."

<sup>26</sup> Ang ikaapat na kapanahunan ng iglesya ay Tiatira; si Columba bilang ang anghel ng kapanahunan ng iglesyang 'yun, ang mensahero; 606 hanggang 1520. At ang kapanahunan na

'yun ng iglesia ay ang pag-aakit ng Papa, ang Madidilim na Kapanahunan. (Natalakay natin kagabi, alam n'yo, ang Madidilim na Kapanahunan.) At ang—ang gantimpala, ay “kapangyarihan para pamahalaan ang mga bansa, at ang Tala sa Umaga,” na inukol sa anghel.

<sup>27</sup> Ngayon, sa gabing ito, sisimulan natin ang ikalimang kapanahunan ng iglesia, ang kapanahunan ng iglesia ng Sardis, S-a-r-d-i-s, Sardis. Ang ang mensahero para sa kapanahunan ng iglesyang ito ay si Martin Luther, na naging pamilyar sa mga iskolar ng Biblia o sa tagapagturo na ito, o sa mga ordinaryong miyembro ng simbahan, ang ibig kong sabihin, sa panahon ngayon. At ang kapanahunan ng iglesyang 'yun ay nagsimula noong 1520 at nagtapos ng 1750, 1520 hanggang 1750; at kapanahunan 'yun na tinatawag natin na “Kapanahunan ng Repormasyon.” At ang hinaing ay “Ginagamit ang kanilang pangalan.” At ang gantimpala para sa munting mga nalabi na natira, ay “Ang lumakad sa harapan Niya na nakasuot ng puting damit, at ang kanilang pangalan ay nasa Aklat ng Buhay ng Cordero.” Nawa'y pagpalain tayo ng Panginoon habang tinatalakay natin ito ngayon.

<sup>28</sup> Ngayon magsimula tayo sa unang talata ng ika-3 kabanata, tungkol sa kapanahunan ng iglesyang ito. Ang mensahe sa Sardis, ang panahon ng repormasyon. Kakaunti na lamang na mga nalabi ang natira, halos wala na.

<sup>29</sup> Ngayon para sa ilan na mga bagong dating, marahil may babanggitin ako rito, na . . . para hindi po kayo mapag-iwanan dito. May kalawakan ito, at kung minsan ay madadako tayo sa kung saan mailalagay natin ang ating mga mensahe dito sa may . . . iguguhit 'yun, pagdating ng hapon ay aayusin 'yun; siguro'y gagawin natin 'yan sa Linggo. Ngayon, ang bawat isa nito'y sumasagisag sa una- . . . sa kapanahunan ng iglesia: isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito. *Ito'y* nagsisimula sa Filadelfia . . .

<sup>30</sup> At *ito* sa taas dito'y sumasagisag sa—sa Pentecostal na kapangyarihan, o sa isang iglesia na nasa Pentecostes. Ito nga'y may kalakihang iglesia sa pasimula, pero nagpasimula sila ng isang—isang . . . Isang makadenominasyong espiritu na pumasok sa kalagitnaan nila, na sinubukang papaging-denominasyon ang Iglesia, na ang tawag ay “Ang mga gawa ng mga Nicolaita.” Naririnig n'yo ba ako diyan sa pinaka likod? Oo? Sige. “Ang mga gawa ng mga Nicolaita.” Ngayon, hindi pa 'yun *doktrina* noon. At pagkatapos kinuha natin ang Salita at hinimay-himay 'yun, kung ano ang “mga gawa” na 'yun, kung ano ang “Nicolaita.” Banyagang pangalan nga 'yun sa atin, Nicolaita, kaya sinaliksik ko 'yung Griyego nito at hinimay-himay 'yun. At ang ibig sabihin ng *nikao* ay “sakupin, o pangibabawan, o sugpuin ang isang bagay.” Nicolaita, ang *laita* ay “ang iglesia, ordinaryong mga miyembro.” Nicolaita, isang—isang



mga gawa na sinusubukang pangibabawan ang ordinaryong mga miyembro, at ilagay ang lahat ng pagpapala, at ang tanging isa lang daw na maaaring magbasa ng Biblia, ang tanging isa para magbigay ng interpretasyon, ay ang obispo, o kung anong bantog na namumunong tao ng iglesya.

<sup>31</sup> Pagkatapos nasumpungan natin, sa ikalawang kapanahunan ng iglesya, magsisimula 'yung mamiga palabas. *Ito* pa rin dito'y Pentecostes; at *ito* naman dito'y denominasyon (d).

<sup>32</sup> Ngayon, sa ikatlong kapanahunan ng iglesya, Pergamo, ang Pentecostes ay halos piniga na palabas. Pero ang doktrina ng denominasyon, ito'y nagmula sa pagiging isang "mga gawa" *rito*, hanggang sa naging isang "doktrina" na *rito*. Pagkatapos sila'y talagang, pinag-isa na rito. Ikinasal na sila! Ang. . . itong grupo rito na pinangibabawan ang pentecostal na mga grupo.

<sup>33</sup> Ngayon ang pamamaraan kung bakit sinasabi ko 'yan, mga kapatid, 'yan po'y tapat sa pusong katotohanan. Yan po'y batay sa mga sagradong kasulatan ng mga kasaysayan. Ang aklat ng Konseho ng Nicea, *Foxe's Book of the Martyrs*, at lahat ng kamangha-manghang sinaunang mga sinulat. Narito sa akin ang ilan sa mga matatandang manuskrito na mayroon. At ang bawat isa. . . Sinasabi ko po ito nang walang. . . Hindi ko sinasabi ito dahil ako'y Pentecostal. Hindi n'yan ibig sabihin. . . Kapag sinasabi kong "pentecostal," hindi ibig sabihin nun ay yaong organisasyon ng panahon na ito na kinabubuhayan natin. Yun nga'y may sala rin tulad ng iba pa. Anupa't ang tinutukoy ko mismo'y ang tunay na pentecostal, ang tunay na Espiritu ng Diyos na kamit ang orihinal na Doktrina, kamit ang orihinal na mga pagpapala, kamit ang orihinal na mga pangalan, na ang lahat mismo'y saktong-sakto sa paraan na ito'y nagpanimula sa simula gaya ng pagtugaygay nito sa Biblia.

<sup>34</sup> Ngayon, pagkatapos sa pagsapit natin sa kapanahunan na *ito*, nakikita n'yo ba kung gaanong kalayo na ng Pentecostes. Nakikita n'yo ba ito sa mga nariyan sa likod? Naiintindihan n'yo ba diyan sa likod na likod? Sige. Ngayon, hetong dumating, kagabi, ang dakilang kapanahunan na ating tinatalakay *dito*, si Constantino, si Constantino, *C-o-n-s*; sige't ilalagay ko. Siya, yamang isang pagano, ay. . . hiniling sa mga Cristianong ito *rito* (yaong may doktrina ng mga Nicolaita) kung magagawa nilang ipanalangin na siya'y manalo sa isang partikular na labanan; buweno, siya'y magiging isang Cristiano raw. Noong panahon na 'yun habang nasa labanan siya, nanaginip siya ng isang panaginip na siya'y. . . Na sa pamamagitan daw ng isang puting krus na inilagay sa harapan niya, ang sabi niya, "Sa pamamagitan nito ikaw ay magwawagi." At ganoon nga. Pagkatapos ginising niya ang kanyang hukbo at nagpintura sila sa kanilang mga kalasag ng puting krus, at 'yun ang dako na isinilang o pinagmulan ng Katolikong orden, na ngayon, na tinatawag na Knights of Columbus.

<sup>35</sup> Ngayon—ngayon, si Constantino, may...wala kayong makikita ni isang bagay mula sa mga kasaysayan, tungkol sa kanyang pagbabagong-loob. Wala nga siya't isa lamang balikong politiko. Nasa isip na niya ang ideya na—na pagkaisahin ang kanyang kaharian at palakasin ito. Kaya siya sa kanyang sarili, yamang isang pagano, ay sumasamba sa mga diyus-diyosan; pagkatapos nakita niya ang doktrina ng mga Nicolaita na halos piniga na palabas hanggang humantong sa isang dako, kaya ginawa niya ang siya ring istrategiya na nalaman natin kagabi.

<sup>36</sup> At inihula ito ni Jesus nang tatlong daan at apat na taon bago 'yun mangyari, na ang taong ito'y magtuturo ng doktrina ni Balaam. Kung papaanong dinaya noon ni Balaam ang mga anak ni Israel, na ibinunsod sila na makiapid at—at mag-alay... kumuha ng mga bagay na inalay sa mga diyus-diyosan, kumain ng ganoong mga bagay. Ngayon, alam natin na “ang pagkain ng mga bagay na inalay sa mga diyus-diyosan,” kung ano mismo ito, ito'y pagsamba. Pumasok dun, sila'y yumuyuko sa mga diyus-diyosan, ibinalik ang mga diyus-diyosan sa iglesyang Cristiano; gaya ng ginawa ni Balaam noon, na ibinunsod ang Israel na makiapid, na magpunta sila sa malaking piging na ito na inukol sa diyus-diyosan.

<sup>37</sup> Buweno, ginawa ni Constantino ang siya ring bagay gamit ang istrategiya niyang ito, at bumuo siya ng isang iglesya. Namigay siya nang marami mismo roon sa Konseho ng Nicea, at pagkatapos sila...Namigay siya ng—ng maraming naggagarbuhang mga gusali na mayroon siya, at ginawa niyang mga simbahan ang mga ito. At pagkatapos nagpagawa siya ng malaking marmol na altar, na napapalamutian ng ginto at mga hiyas. Sa ibabaw nun ay naglagay siya ng parang isang luklukan, at ginawa niya ang isang tao na maging ulo na parang isang... ang taong 'yun noon ay tinatawag na “isang obispo.” At pinaupo nila ang taong ito sa luklukan na ito, si Boniface III na iniluklok. Hindi siya basta naglalakad-lakad dun suot ang mga damit ng—ng damit ng magbubukid, kundi ginawa nila siya na magsuot ng isang—isang magarbo't pinong mga balabal at dinamitan siya na parang isang diyus-diyosan at iniupo roon at tinawag siyang, “Ang Bikaryo.” Bikaryo, o ang *Vicarius Filii Dei*, na ang ibig sabihin nito ay “sa halip na Anak ng Diyos.”

<sup>38</sup> Ngayon, heto ang sa kanya na may karunungan, iguhit, isulat n'yo ito: *Vicarius Filii Dei*. At pagkatapos kapag guguhit kayo ng linya sa ilalim dito at susumahin ang mga numero, at makukuha n'yo nang eksakto ang sinabi ng Diyos na marka ng hayop: animnaraan at animanapu't anim. Kita n'yo, *Vicarius Filii*... Ngayon, nakapunta na ako sa Roma at nakapunta na ako sa Vatican. At ang tatlong-patong na korona: hurisdiksiyon daw sa impyerno, langit, at purgatoryo. Kita n'yo? Nakita ko mismo ang korona, nakita ko ang damit, nakita ko ang lahat, doon mismo.

<sup>39</sup> Sa katunayan, noong Huwebes ng hapon ng alas tres ay dapat sana'y kakatagpuin ko itong *huling* papa na naroon. Inasikaso ni Baron von Blomberg ang . . . at pagkatapos ang sabi niya, "Ngayon, kapag pupunta ka, Kapatid na Branham, ang unang bagay na gagawin mo ay yumuko sa kanan mong tuhod at halikan mo 'yung singsing."

<sup>40</sup> Sabi ko, "Huwag na. Huwag na. Kalimutan na ito." Sabi ko, "Inuukol ko . . . Hindi ako laban sa kaninumang tao, siya man . . . ? . . ." Pero sabi ko, "May isang bagay lang, maiuukol ko sa isang tao ang kanyang titulo. Kung siya'y 'Reverend,' ayos lang 'yan, isang 'Obispo, Elder, Doktor,' anuman, ikagagalak ko pa na batiin ang ganoong tao. Pero ang sambahin na ang isang tao? Sa isang Tao ko lamang utang ang pamimintuho ko: kay Jesus Cristo. Yun lamang ang tanging Tao na yuyukuan ko." Sabi ko, "Sige't kalimutan mo na lang. Kanselahin mo na lang." Hindi ko nga 'yun maaatim. At kaya ako'y . . .

<sup>41</sup> Matapos kong makauwi ng bahay nalaman ko na may isa pang bantog na Amerikano na ayaw ring gawin 'yun, siyanga, si Teddy Roosevelt. Tumanggi siya na gawin 'yun dahil sa . . . Naalala n'yo ba 'yan sa kasaysayan? Na tumanggi siyang makipagkita sa Papa dahil kinakailangan niyang halikan ang singsing ng papa o . . . Mayroon din sila doon sa hinlalaki ng papa, siyanga, alam n'yo. Kaya . . . Oh, hindi. Hindi, hindi talaga. Kaya pagkatapos . . .

<sup>42</sup> Subalit, sa . . . Ngayon, noong si Balaam . . . Mangyari nga na nalaman natin kagabi, doon sa . . . Ngayon, dito muna, bago natin iwan ito, kanilang pinagsama ang iglesya at pinag-isa, kumuha ng ilang paganong ideya, paganong diyus-diyosan na nasa iglesya. Ang diyus-diyosang si Jupiter, ang diyus-diyosan ng araw, ang diyus-diyosang si Mars, ang diyus-diyosang si Venus, at lahat ng idolong 'yun na diyus-diyosan at kanyang inalis ang lahat ng 'yun sa paganong mga simbahan; at ang inilagay ay sina Pablo, Pedro, birheng Maria, lahat ng 'yun, at nagsabi, "Heto ang inyong Bikaryo dahil sinabi ni Jesus kay Pedro, 'Ibinibigay Ko sa iyo ang mga susi,' at siya ang apostolikong kahalili." Yan nga'y nananatiling doktrinang Katoliko pa rin hanggang sa araw na ito. At naglagay sila ng mga diyus-diyosan. At anong ginawa nila? Dinala ang pagsamba sa diyus-diyosan papasok sa Cristianismo, sa nabansagang Cristianismo; hindi tunay na Cristianismo, dahil ang mumunting mga pentecostal . . .

<sup>43</sup> Ngayon alalahanin n'yo, hindi ko sinasabi . . . hindi ko sinabi, "Baptist, Methodist, Presbyterian," silang lahat ay ganoon din. Pero ang tunay, na totoong artikulo ng Diyos ay ang pentecostes; noon, ngayon, at sa tuwina man! Doon nagpasimula ang Iglesya, dito mismo sa Pentecostal na Kapangyarihan.

44 Ngayon, sasabihin n'yo, "Ganoon po ba 'yun, Kapatid na Branham?" Hihilingin ko sa inyo na saliksikin ang mga kasaysayan, at tugaygayin n'yo mismo ang daloy ng panahon hanggang sa ngayon, at tingnan n'yo kung ang bawat isa ba sa mga tunay, na totoong anak ng Diyos ay hindi naghawakan sa Pentecostal na Pagpapala; nagsalita sila sa iba't ibang wika, ipinaliwanag ang mga wika, nilakipan ng mga tanda't mga kababalaghan, nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Lahat mismo ng ginawa ng mga alagad, kanilang ginawa rin, hanggang sa ngayon mismo. Yan ang dahilan kung bakit doon, sa pagbabasa ng kasaysayan, kinuha ko si Pablo at si Ireneo at— at— at— at patuloy hanggang kay San Martin, Columba; bawat isa sa mga kalalakiang ito (patugaygay mismo hanggang sa kapanahunan ngayon), ay nagtaglay ng mga tanda't mga kababalaghan.

45 Buweno. Sinabi niya na sila'y . . . ang mikropono po'y medyo nagkakaroon ng kaunting . . . Mas maayos na po ba? Sige. Hindi po, iniling nila ang ulo nila, hindi raw nila marinig ngayon, Billy. Sige. Inyo na po bang . . . ? Ito ba'y . . . ? Ngayon, naririnig n'yo na ba ako ngayon? Ngayon, kung ganito po? Mas maayos po ba? Oo? Sinasabi ng lahat, "Ayo na." Paul, isang puntos 'yan laban sa iyo. Sige, ayo na.

46 Ngayon, dito sa kapanahunan dito pagkatapos noong gawin niya ang malaki't pangmalawakang bagay na ito, at inilagay ang lalaking ito rito bilang unibersal na obispo sa ibabaw ng lahat ng kaiglesyahan, na binigyan sila ng maraming pera at iba pa, at ipinangako sa kanila, at sadyang pinag-isa ang iglesya at ang estado, at hinayaan ang iglesya na kontrolin ang estado. Ginawa siyang makapangyarihang tao. Kaya diyan mismo . . . Ang bagay na ginawa ni Constantino ay ang siya ring bagay na nakita natin doon sa kabilang iglesya, na bagay na sinabi ng Diyos mismo; na, sa panahon noon ni Elias, na kanilang pinabayaang ang babaing si Jezebel na lupigin ang Kanyang mga anak; 'yan nga'y nangyari sa Madilim na Kapanahunan. At tingnan n'yo rito kung nasaan na ang Pentecostal ngayon. Naku, naku! Talagang itim na itim mismo. At sa halos sanlibong taon, ito . . . mula mga 500 hanggang 1500, tama, 'yun po'y 606 hanggang bandang 530 . . . 520, ang eksaktong mga numero, pero tumugaygay mismo nang sanlibong taon. Sila'y . . . madugong pag-uusig talaga. Basahin n'yo ang kasaysayan.

47 Ngayon, sasabihin sa inyo ng isang Katoliko na ang iglesyang Katoliko, sila'y iglesyang Cristiano raw. Aba't sila ang *denominasyunal* na iglesyang Cristiano. Pero ang tunay na mga pentecostal ay pinag-uusig, pinagpapatay, at pinaslang mismo, at pinapatay ng mga papa at mga obispo at iba pa, talagang naging madugo.

48 Ngayon, balang araw pagbabayaran ko 'yan ng buhay ko, kita n'yo, sa pagsasabi n'yan. Pero isang bagay 'yan na totoo

mismo, alam ko kung saan ako patungo, ngayon alam ko. Talagang tuluy-tuloy na tumutulo ang dugo. Pero papunta na sa ganoong oras ngayon, na makikita n'yo batay sa kung anong nangyayari mismo sa bansa na hindi na talaga magtatagal. Huwag na huwag kayong tatalikod Doon! Yun ang Katotohanan. Manatili kayo mismo Rito. Isali n'yo ang dugo n'yo gaya nila noong panahon na 'yun.

<sup>49</sup> Ngayon, dito makikita n'yo kung anong nangyari noon. Pagkatapos dito pumasok ang doktrinang Jezebel. Si Jezebel ay isang babae, isang pagano na. . . Ginawa ni Ahab ang siya ring bagay na ginawa ni Constantino; pinakasalan ang babaing ito para palakasin ang kanyang kaharian, at nagdala ng pagsamba sa diyus-diyosan papasok sa Israel gaya mismo ng ginawa ni Constantino sa panahon niya. At ang Pentecostes ay halos ganap na wala na.

<sup>50</sup> Ngayon, ibinangon ng Diyos si Martin Luther. Gusto kong pansinin n'yo kung papaano nga *ito* umusbong dito at halos mawala nang ganap, pagkatapos bahagyang nagpaumpisa *rito*, at bumagsak na naman *dito* uli. At medyo minarkahan ko nga ito dahil ito'y isang—ito'y isang dakilang aralin para sa Linggo ng gabi, loobin ng Panginoon.

<sup>51</sup> Ngayon—ngayon, naniniwala ako na medyo napapatagal tayo ngayon dito sa tinatalakay natin. Ngayon, dito sa banda *rito* ang—ang Madilim na Kapanahunan, dito mismo, mula 1500. . .mula 606 hanggang 1520. Dito mismo. Ilalagay ko ito rito para inyong. . .606 hanggang 1520. Yun ang Madilim na Kapanahunan, itong iglesya sa dako *rito*, ang Madilim na Kapanahunan. Ngayon, itong iglesya na tatalakayin natin ngayon ay ang iglesyang Lutheran.

<sup>52</sup> Ngayon, halos lahat sa panahon na 'yun, ang mga tao'y namatay sa. . .Itong mga kalalakihan gaya nina Ireneo, at Martin, at Columba, at sila'y pumaram. At ngayon kumuha kayo ng sinuman na nagnanais na saliksikin pabalik ang anumang kasaysayan na gusto n'yo, kung ito ba'y awtentikong kasaysayan, at kapag sasabihin nila sa inyo na “si Saint Patrick ay isang Katoliko,” hindi nila alam ang sinasabi nila. Prinotesta ni Saint Patrick ang iglesyang Katoliko, at hindi siya kailanman nagpunta ng Roma, at mariing itinakuwil ang kanilang doktrina. Ganoon nga mismo. Magpunta kayo sa hilagang Ing-. . .o Irlandes ngayon, at makikita n'yo ang siya ring bagay. Si Saint Patrick ay isang tao ng Diyos! Pero, si Saint Patrick, noong sabihin diyan na kanyang—kanyang pinalayas ang lahat ng mga ahas palabas ng Irlandes, 'yan po'y alamat lang.

<sup>53</sup> Ilan na sa inyo ang nabasa't narinig na ang tungkol kay William Tell na pinana niya 'yung mansanas sa ibabaw ng ulo ng anak niyang lalaki? Isang Katolikong alamat 'yan, wala ngang katotohanan. Nandun nga ako sa lugar kung saan nangyari

raw 'yun. Ang nakasulat dun, “isang alamat, hindi totoo,” sa Switzerland. Si Billy at ako'y nakaupo noon sa tabi ng Lake Lucerne kung saan niya ginawa ang—ang bagay na 'yun, na siya'y may pinanang tao; totoo, pero hindi mansanas sa ibabaw ng ulo ng anak niyang lalaki. Isa 'yung alamat, mga sabi-sabi at mga bagay-bagay, hindi talaga 'yun nangyari. Wala nga silang tala nun doon, sa lugar na pinaniniwalaan na nangyari 'yun o kung ano, kung talaga bang ginawa nila 'yun. At talagang mailantad sana 'yun at sasabihin kung ano ba talaga ang nangyari. Ngayon, pero dito, walang aktuwal na kasaysayan na nagsasabi na ginawa niya ito. Kita n'yo.

<sup>54</sup> Kaya ngayon dito, sa kapanahunan ng iglesya, sa kung saan halos mawala na ito, halos ganap na mawala na mismo. Ngayon dito sa isa pang kapanahunan ay dumating ang kapanahunan ng Repormasyon. Ngayon, ang mga bagay na ito rito matapos ang libong taon ng kaitiman at kadiliman at paglaho, at kung ano pa na gaya nun, ang iglesya nga'y para bang nawaglit na ang tingin kay Ireneo. Isa siyang kahanga-hangang lalaki, isang maka-Diyos na tao. Ganoon din ang ilan daang kalugud-lugod na mga banal na ibinigay ang kanilang dugo ng buhay nang kusang-loob (tumayo roon sa arena) na magagawa nila, kita n'yo, para sa layon ni Cristo, para sa bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa pagsasalita sa iba't ibang wika, na ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo'y nabubuhay sa kanilang buhay at ang Kanyang Makalangit na presensya'y naroon, habang 'yung mga tao na *nag-aangkin* sa kanilang mga sarili na mga Cristiano ay inuusig sila. Ganoon nga. Ganoon mismo.

<sup>55</sup> Oh, isa 'yung—isa 'yung inalihan ng demonyong pulutong ng narapat-sa-impyerno na mga di-ko-malaman-kung-ano. Sumulpot nang gaya nun at binuo ang kanilang sarili at ginawa ang kanilang sarili, “tinatawag ang kanyang sarili na propetisa, isang Makalangit na tagapagpaliwanag daw ng Salita, na wala raw nakakaalam kundi sila lang.” Inaangkin na ganoon siya, pero siya'y isang sinungaling. Kita n'yo? Makikita n'yo nga riyon. Pero sa parehong panahon din na 'yun; naroon ang anghel ng Diyos, na dala-dala ang Katotohanan. Laging babaling pabalik Dito ang Katotohanan. Kita n'yo? Laging babaling pabalik sa orihinal, dahil ang Diyos ay di kailanman nagbabago mula Roon.

<sup>56</sup> Ngayon, at nalaman din natin, kagabi, bago natin iwan ito, para ito'y maglumagi sa inyong puso. Hindi lamang. . . Sa tipo, si Jezebel, siya'y may—may anak na babae. Naalala n'yo ba 'yun? At nabanggit sa Apocalipsis 13 na ang tumalikod na iglesyang ito, ang Roma, ay may mga anak na babae. “Siya ang nanay ng mga patotot.” Tama ba? Si Jezebel nga ay may anak na babae, at anong ginawa ni Jezebel sa anak niyang babae? Nakita n'yo kung papaanong ang lahat ng mga bagay na 'yun, ay tumitipo't umaanino. Sinigurado ni Jezebel na pakakasalan ng

kanyang anak na babae si Jehoram, na anak na lalaki ni Josaphat ng Judea.

<sup>57</sup> Hati ang Israel noong panahon na 'yun, parang ganito. Heto ang Jerusalem *dito*, at heto naman ang Judea *rito*. Buweno, si Ahab ay *narito*, at si Jehoram nama'y *narito*. Buweno, nasakop ni Jezebel *ito*, kaya ang buong Israel ay bumaling sa mga diyus-diyosan. Pagkatapos... (Ang lahat maliban kay Elias at ang munting tapat na grupong 'yun.) Buweno. Ngayon, dito naman sa bahaging *ito* ay pinamumunuan ni Jehoram ang Juda; at noong si Jezebel ay magkaanak kay Ahab, kinuha niya ang anak na babaing *ito* at ipinakasal sa anak na lalaki ni Jehoram... o sa anak na lalaki ni Josaphat na si Jehoram, at dinala ang pagsamba sa diyus-diyosan sa Juda, at nagsipagtayo ng mga paganong dambana sa Jerusalem.

<sup>58</sup> Ganyan na ganyan ang ginawa ng iglesyang Katoliko! Pinalakas niya ang kanyang doktrina ukol sa denominasyon at kung ano pa, at tinanggal ang Espiritu Santo paalis ng iglesya sa dako *rito* sa pamamagitan ng kanyang anak na babae (Lutheran, Methodist, Baptist, Pentecostal, at kung ano pa). Ganoon mismo ang ginawa niya. Ang sabi ng Biblia, "Siya ang nanay ng mga patotot."

<sup>59</sup> Ngayon, siyasatin n'yo maigi ang mga Kasulatan. Kapag may makita kayo—makita kayong anuman na iba sa Kasulatan, at ang kasaysayan ay tumatama mismo sa siya ring mga bahagi, lumapit kayo sa akin bilang isang ginoo. Kita n'yo? Ganoon nga. Wala 'yun dun!

<sup>60</sup> Ang mga denominasyon ang pinaka nakakalasang mga bagay na nagkaroon tayo kailanman sa Protestantismo, sinisikap na ibunsod ang mga kalalakihan na pamunuan ang iglesya, na may isang imahe gaya nung isa na nakaupo sa luklukan. Sasabihin ng pangulong obispo, ng pangkalahatang tagapamahala ng Pentecostal, "Buweno, ngayon, ipakita n'yo sa akin, ano ba ang kanyang doktrina? Oh, nagbautismo ba siya sa Pangalan ni Jesus? Hindi siya puwedeng makapasok dito. Hindi, po, mga kapatid. Tanggihan n'yo Yan." At 'yun nga'y tinanggihan din. "Ipaaintindi ko sa inyo, na wala ni isa sa inyo ang magpunta sa pagtitipon na 'yun doon. Tanggihan n'yo. Kahit na gaano pang kalubha ang inyong sakit, lumayo kayo, kahit na ano pa ang ginagawa ng Diyos. Kung hindi kayo sisilip sa pamamagitan ng aming mga antipara, anupa't, hindi nga kayo nakakakita." Tinaglay na nga ang larawan ukol sa hayop! At ang larawan ay may buhay para makapagsalita. Ganoon mismo. Kung iniisip n'yo na hindi siya nakakapagsalita, salungatin n'yo nga siya minsan. Uh-huh, tiyak malalagot kayo.

<sup>61</sup> Naalala ko, nasa Tulsa, Oklahoma, ako noon... Oh, ako nga'y parang nasa gitna ng gulo roon, ang mga denominasyon ay nagsimulang magalit dun. At nakaupo ako sa isang gusali na ito

isang araw at nakakita ako ng isang—isang pangitain. Nakinita ko ang isang—isang munting . . . magandang, munting kuting, at siya’y nakapatong sa isang unan na yari sa seda, at siya nga ang pinaka kagiliw-giliw na munting kuting. At lumakad ako sa dako roon (at takot po ako sa pusa), at lumapit ako roon at akma kong hahapustin siya, at siya nga’y, “purr, purr.” Alam n’yo na ’yung kung gaanong kakatwa ’yung ingay nila, alam n’yo. At hinahaplos ko siya, sabi ko, “Kagiliw-giliw, na munting kuting.” At sabi niya, “purr,” napakainam nga, alam n’yo.

<sup>62</sup> At inusisa ko ’yung nasa likod ng kanyang unan, ang sabi dun, “Pentecostal na kuting.” Buweno, sa isip-isip ko, “Ngayon, kakaiba nga.” Tapos sabi ko, “Mangyari nga na isa itong pangitain.”

<sup>63</sup> At May biglang nagsabi, “Basta’t hahapustin mo ang kanyang balahibo nang paganito, ayos lang; pero ngayon kung gusto mong makita kung ano talaga siya, hapustin mo ang kanyang balahibo nang pabalik.” Kita n’yo? Kaya nung hapustin ko ang kanyang balahibo nang pabalik, ’yung mga mata nun na berde, ay lumaki, at isa na siyang halimaw na nakatayo roon na sinisinghalan ako nang husto sa abot ng makakaya niya. Kita n’yo, anupa’t hinaplos lang ang kanyang balahibo pabalik nang kaunti. Sabihin n’yo sa kanya na ang kanyang pagbabautismo sa “Ama, Anak, at Espiritu Santo” ay sa diyablo at sa iglesyang Katoliko, masdan n’yo kung anong mangyayari sa kanya. Kita n’yo? Tataas ang balahibo niya.

<sup>64</sup> Pumunta ako, ikinuwento ko kay Kapatid na Gene at sa kanila, sa may . . . oh, kina Kapatid na Leo at sa kanila, sabi ko, “Ako’y nagkaroon ng isang tunay na pangitain ukol sa mga denominasyong Pentecostal dito.”

<sup>65</sup> Ngayon sa ika-3 kabanata, atin munang . . . ang Sardis ay isang patay na iglesya. Patay ito dahil sila’y pinatay noong panahon na ’yun. Munting hibla na lang ng Buhay, haya’t masusumpungan natin sa loob ng ilang minuto kung ano ito, pansumandali. Mula 1520 hanggang 1750 ay ang Kapanahunan ng Sardis. At ang bituwin, o ang anghel ng . . . Ang bituwin na nasa Kanyang kamay, na anghel o mensahero ng kapanahunan ng iglesyang ’yun. Maliwanag po ba na nauunawaan n’yo ito? Na ang bituwin ay isang anghel, at ang anghel ay ang mensahero para sa kapanahunan na ’yun. Sige. Sige.

<sup>66</sup> Ngayon tapos na tayo sa Konseho ng Nicea. Namatay siya roon, at ang lahat ay sumapit sa kapangyarihan at kaluwalhatian, ang iglesya’t ang estado’y nagkaisa. At mayroon bang makakaalala kung ano ’yung sinaysay ng aralin kagabi, kung ano ang iniisip ng marami sa mga taong ’yun? “Tapos na ang Milenyum.” At lahat ng . . . “Pinasasapit ang Milenyum nang wala ang pagparito ni Cristo.” Kita n’yo? Ang pagparito ni Cristo ang magbubunsod ng Milenyum, unang bagay mismo. At



doon sa panahon na 'yun ay mayroon silang . . . Kung titingnan n'yo ang kasaysayan, masusumpungan n'yo na may huwad silang mga Jesus na lumilitaw at lahat na ng kung anu-ano, kita n'yo. At mangyari pa nga na iniisip nila na ang papa ay si Jesus, tinatawag siyang isang *bikaryo*, “sa halip na Anak ng Diyos.” Siyanga, malaking banal na diyus-diyosan, na anupa't, nakaluklok doon.

<sup>67</sup> Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Sinasabi ng Biblia na kapag dumating si Jesus . . . bago Siya dumating, “Maglilitawan ang bulaang mga propeta, at maglilitawan ang huwad na mga Jesus.” Ganoon nga. “Narito, heto . . .” Pero hayaan n'yong patimuin ko ito sa inyong puso: wala nga kahit kailan na isang Jesus na aapak sa lupang ito hanggang sa ang Iglesya'y maagaw na't umalis na. Ngayon, ilagay n'yo 'yan lagi sa isip n'yo, dahil magkakaroon ng mga huwad na mga cristong lilitaw. Anupa't si Jesus ay hindi paririto sa lupa; dahil sa pagtunog ng mga trumpeta, at hindi Siya paririto mismo, atin Siyang sasalubungin sa alapaap. Aalis muna ang Iglesya. At pagkatapos kapag nagpakita na si Jesus, ay ang pagbabalik na. Ang mga Gentil ay aagawin at sasalubungin Siya sa alapaap. Nasusulat ba 'yan? Kita n'yo? Magtutungo sila para katagpuin Siya sa alapaap, at pagkatapos tayo'y tutungo sa itaas. At si Jesus ay . . . hindi Niya iaapak ang Kanyang mga paa sa lupa hanggang sa ang Iglesya'y agawin at madala sa Tahanan at matapos ang Hapunan ng Kasalan sa Langit; pagkatapos Siya'y babalik para sa mga nalalabi na Judio.

<sup>68</sup> Kaya ngayon tapos na ito, ang Konseho ng Nicea. Ang iglesya'y nasa—nasa ilalim ng paghahari ng papa nang halos isang libong taon. Pinagpapatay nila ang lahat ng di sumasang-ayon sa kanila. Ganoon nga. Alinman 'yan sa magpapasailalim ka dun o kayo ay—kayo ay—kayo ay papatayin, gaya ng ginawa ni Jezebel sa Israel.

<sup>69</sup> Ang Espiritu Santo'y halos lumisan na mismo anupa't kakaunti na lamang ang natira noong kapanahunan na ito, gaya ni Elias at ang nalabi ng Israel na hindi lumuhod kay Balaam. Kung gusto n'yong basahin 'yan doon, 'yan po'y sa Unang Mga Hari, sa ika-19 na kabanata, at sa ika-18 talata, noong si Elias ay nakatayo roon sa loob ng kuweba at nagsabi siya, “Panginoon, kanila—kanilang pinagpapatay ang lahat ng Iyong mga propeta. Lahat na mismo'y ginawa nila, at ako—ako'y nag-iisa. At ako na lang ang nag-iisang nakatakas.” Pero sinabi sa kanya ng Diyos na Siya'y may ilang daan-daan pa na hindi lumuluhod kay Baal, sa mga ordinaryong miyembro na naroon.

<sup>70</sup> At mangyari, ang Sardis, ngayon sisimulan na natin. Ang mismong salita na *Sardis*, sa unang talata. Ang salitang *Sardis*, sa terminong Ingles, ang ibig sabihin, kung gusto n'yo pong tingnan, ang ibig sabihin “siya na nakatakas.” Ang tunay na *Sardis* ay “siya na nakatakas.” Yan ang ibig sabihin ng *Sardis*,

buweno, “siya na nakatakas.” Ngayon, kita n’yo, at “siya na nakatakas.”

<sup>71</sup> Ngayon sisimulan natin sa una. Talagang...Tatawagin natin ito na *kapanahunan ng Repormasyon* at ito’y talagang angkop na angkop na bagay para sa repormasyon na ito kung tatawagin natin ’yung ganoon, dahil ito’y...Ang repormasyon ay ang “mga nakatakas” na lumabas at nakatakas mula rito.

<sup>72</sup> Ngayon kunin natin ang unang talata:

*...sa anghel ng iglesia ng Sardis ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may... pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin; Nalalaman ko ang iyong gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay.*

<sup>73</sup> Ngayon ang pagbati. Ngayon, ang pitong Espiritu ay... “Ang pitong Espiritu at pitong mga bituwin.” Ang mga Espiritu ay ang mga anghel na nagtungo sa mga bituwin na mga mensahero. “Pitong Espiritu,” pitong iba’t ibang panahon na ang Espiritu Santo’y magpapahid ng isang mensahero, na bituwin sa kanyang panahon. Ang—ang Espiritu ay Walang Hanggan, at ang bituwin na ginawa para sa layunin na paaninagin ang Liwanag sa dilim ng mga kapanahunan ng iglesyang ito kung saan ang mga kandelero at mga bituwin ay sinasagisag. Ang anghel, ang Espiritu, ay yaong nagtungo sa bituwin at pinaaninag ang liwanag ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng bituwin na ito para sa kapanahunan ng iglesyang ’yun. Nang sa gayon, malaman n’yo...iniisip nga kung sino ang pitong mga Espiritu na ito. Ito ang pitong mensahero ng pitong kapanahunan ng iglesya. Kita n’yo? Ngayon, at sa bawat pagkakataon na lilitaw sa eksena ang bituwin, bumababa ang Espiritu Santo at pinapahiran ang bituwin na ’yun at pinapanatili ’yun nang eksaktong kung papaano ang nauna.

<sup>74</sup> Ngayon hayaan n’yong—hayaan n’yong kumpirmahin ko ’yun sa inyo. Sabi ni Pablo, kung gusto n’yong malaman kung anong klaseng bituwin ’yun. Dahil, alalahanin n’yo, si Satanas ay isang bituwin, din, bituwin ng umaga. Ngayon pansinin, sabi ni Pablo...Naniniwala ba kayo na siya ang bituwin para sa iglesya ng Efeso? Sabi niya, ngayon, kung gusto n’yong malaman kung Ito ba’y totoo o hindi. Sa Mga Taga-Galacia 1:8, sabi ni Pablo, na nagsasalita roon, na may panahon na darating, ang mga ganid na lobo at kung ano pa, sabi niya, “Kung may anghel na darating mula sa langit at magtuturo ng ibang ebanghelyo...” (Ngayon, alam niya na ang taong ito ay darating na mukhang isang anghel at isang malaking *bikaryo*.) Sabi niya, “Kahit na sino pa ito, kung may anghel o sinuman na darating at magtuturo ng ibang bagay maliban sa Ebanghelyo na itinuro na namin sa inyo, siya’y masumpa.” Tama ba?

<sup>75</sup> Si Pablo ang humimok sa kanila na magpabautismo muli kung hindi pa sila nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, “Lumapit kayo at magpabautismo muli nang sa gayon ay matanggap ninyo ang Espiritu Santo,” Mga Gawa 19:5. Siya rin ang nagpatong ng mga kamay sa mga tao, at mga kaloob, at inilagay ang iglesya sa kaayusan na may kalakip na gawa ng mga himala, Makalangit na kagalingan, mga kaloob ng pagsasalita sa iba’t ibang wika, pagpapaliwanag ng mga wika. Tama ba? Unang Mga Taga-Corinto 12, tingnan n’yo kung anong sinabi ni Pablo. Unang Mga Taga-Corinto 12, at makikita n’yo ito. Naglagay siya sa iglesya . . . Ang Diyos ay naglagay sa iglesya ng dakilang mga kaloob na ito; at inilagay ni Pablo ang mga ito sa kaayusan, at inilagay ang mga ito sa kaayusan nang sa gayon ang mga ito’y gumawa para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sinabi ’yan ni Pablo. Kaya kung may tao man, kahit na ano pang denominasyon ang kinabibilangan niya, na susubukang sabihin sa inyo na ang mga araw ng pagsasalita ng iba’t ibang wika, pagpapaliwanag ng mga wika, Makalangit na kagalingan, at mga himala, at ang katunayan ng Espiritu Santo bilang ang bautismo . . . siya’y masumpa. Dahil ang siya ring Espiritu na nakay Pablo ay ang siya ring Espiritu na ipinadala sa kasunod na kapanahunan ng iglesya, ganoon din sa kasunod na kapanahunan ng iglesya, at ganoon din patugaygay sa dulo ng kapanahunan ng iglesya. Ang siya ring Espiritu, ang Espiritu Santo. Naniniwala ba kayo riyang?

<sup>76</sup> Kung mapapansin n’yo rito, nasusulat ito rito. Alam ng nagsulat. Tingnan n’yo, ang “pitong Espiritu.” Masdan: malaking “E,” Espiritu Santo, isa lang ang mga ito. Uh-huh. Anupa’t siya ring Espiritu Santo na dumarating nang pitong beses sa lahat ng kapanahunan ng iglesya na dinadala ang siya ring Liwanag. Nakukuha n’yo na ba ito ngayon? Pitong kapanahunan ng iglesya, pitong beses na ang Espiritu Santo’y dadalhin ang siya ring Mensahe! Na may kalakip na sumpa sa sinuman na iibahin Ito.

<sup>77</sup> Ngayon tingnan n’yo kung ’yan ba’y tumutugma sa kapahayagan ukol sa buong bagay na ’yun. Kanyang sinabi, “Sinuman ang mag-alis o ang magdagdag, siya rin ay aalisin (ang kanyang bahagi) mula sa Aklat ng Buhay.” Haya’t ang buong bagay ay sakop mismo nun. Kaya walang puwang para inyong laktawan o magpumilit na magpasok sa anumang dako, kita n’yo, dahil ito’y Ito na mismo. Yan ang sinabi ng Diyos, ’yan ang sinabi ng Espiritu, at ’yan ang sinabi ng mga Iglesya. Ngayon, kung pagpipilitan n’yo na magpasok ng anupamang ibang uri ng doktrina liban sa itinuro ni Pablo, mali ’yun! Ang Biblia’y tama. Ang Kanyang buhay . . . Sinabi ni Jesus, “Aalisin Ko ang kanyang bahagi mula sa Aklat ng Buhay.”

<sup>78</sup> Ngayon, sasabihin n’yo, “Anong bahagi ng Aklat ng Buhay?”

<sup>79</sup> Maraming tao na ang kanilang pangalan ay nasa Aklat ng Buhay ang siguradong mabibigo. Alam n'yo 'yan, hindi ba? Naalala n'yo ba ang pagtuturo nung isang gabi? Nakuha n'yo ba 'yun? Siguro'y babalikan natin; kung hindi pa ganoong kalinaw mismo; kung hindi pa tumitimo, kita n'yo.

<sup>80</sup> Si Judas Iscariote ay anak ni Satanas, siya ay isang diyablong nahayag sa laman. Sinabi ng Biblia na siya nga. Ang sabi ng Biblia, "Siya'y ipinanganak na anak ng kapahamakan."

<sup>81</sup> Masdan n'yo ito pansumandali. Ngayon, *dito* ay si Jesus; *dito* naman ang magnanakaw sa Kanyang kanan; *dito* naman 'yung isa sa Kanyang kaliwa. Ngayon, noong. . . Si Jesus ang Anak ng Diyos. Tama ba? Ngayon, may ilang tao na tatlong krus lang ang nakikita, pero apat po. Apat na krus! Ngayon, ano ba ang krus? Isang puno. Tama ba? Ang sabi ng Biblia, "Masumpa siya na mabitay sa isang puno." At Siya'y pinaging sumpa sa ganang atin, Siya'y nabitay sa isang puno. Yun nga'y pinutol, pero isa pa rin 'yung puno. Tama ba? Buweno. Dito sa *ibaba*, sa ibaba ng burol, ay may isa pa na nakatayo. Ibinitin ni Judas ang kanyang sarili sa puno ng sikomoro. Tama ba?

<sup>82</sup> Tingnan n'yo! *Heto* ang Anak ng Diyos; nanggaling sa Langit, bumalik sa Langit, sinama Niya ang nagsising makasalanan. *Heto* naman ang anak ng kapahamakan; nanggaling sa impyerno, bumalik mismo sa impyerno, dinala niya kasama niya ("Kung Ikaw nga!") ang makasalanan na hindi nagsisi. Kita n'yo, ang makasalanan na hindi nagsisi, "Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, iligtas Mo ang Iyong Sarili at pati kami."

<sup>83</sup> *Itong* isa rito'y nagsabi, "Kami'y may. . ." (na nangangaral, 'yung mangangaral ng Ebanghelyo) "Karapat-dapat sa amin itong dinadanas namin, pero ang Taong ito'y walang maling ginawa. Panginoon, alalahanin Mo po ako pagdating Mo sa Iyong Kaharian." Sino 'yun?

<sup>84</sup> Haya't. . .? . . . nang kaunti kagabi o noong isang gabi. *Ito* ang Abel ng Diyos; *heto* naman ang Cain ng diyablo. Kung papaanong pinatay ni Cain si Abel sa may dambana, pinatay rin ni Judas si Jesus sa may dambana. Ganoon nga. Ang usok nga'y pumapaitaas *doon* sa Eden at bumababa mismo *rito* uli. Ganoon nga.

<sup>85</sup> Oh, maluwalhati ito, ang lumang daan, ang pinagpalang lumang daan, na sadyang punung-puno ng kaluwalhatian!

<sup>86</sup> Ngayon, ngayon masusumpungan natin dito (Pasensya na po.) ang itong iglesya ng Sardis, inukol sa anghel, ang sabi Niya, "Ang pitong Espiritu; Siya na may pitong Espiritu."

. . . sa anghel ng iglesya ng Sardis ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, . . .

<sup>87</sup> At ngayon ilan ang nakakaalam na ang Diyos ay isang Espiritu? Tunay. Ang Diyos, ang Espiritu Santo. Ang Diyos, Ama, ang Espiritu Santo, siya ring Persona mismo, dahil si Maria ay nagdalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ngayon, ang . . . pero ginamit ng Diyos ang Espiritu Santong ito sa pitong magkakaibang ebanghelikong mga Liwanag sa Iglesya, ang pitong kapanahunan ng iglesya. Nakukuha n'yo ba? Pitong kapanahunan ng iglesya.

<sup>88</sup> Ngayon, sasabihin n'yo, "Hindi 'yan ginagawa ng Diyos." Oh, siyanga, kapatid.

<sup>89</sup> Tingnan n'yo! Ginamit Niya ang Espiritu ni Elias, at noong umalis na si Eliseo . . . umalis na si Elias, tumanggap si Eliseo ng dobleng bisa Nito. At noong si Eliseo'y magkasakit at mamatay, pagkatapos Ito'y bumalik muli kay Juan Bautista. Siya ring bagay, na ibinunsod siya na kumilos gaya ni Elias, nabuhay sa ilang at kung ano pa. Tama ba? At inihula na darating muli sa huling mga araw, kita n'yo. Ginagamit ng Diyos ang naturang Espiritu hanggang ngayon.

<sup>90</sup> At si Jesus ay pinahiran ng Espiritu Santo, humayo na gumagawa ng mabuti. Tama ba? At ang siya ring Espiritu Santo na nakay Jesus, ay bumalik sa Iglesya noong Araw ng Pentecostes, nagbalik mismo sa kasunod na kapanahunan, sunod na kapanahunan, sunod na kapanahunan. At ano Ito? Ang siya rin at isa-mismong Espiritu Santo. Oh, hindi n'yo ba nakikita? Ang Diyos sa ibabaw natin, sa Ama; ang Diyos kasama natin, sa Anak; ang Diyos na nasa atin, sa Espiritu Santo. Ito'y tatlong katungkulan, at hindi tatlong diyos. Kita n'yo? At itong tatlong titulo na ito (Ama, Anak, at Espiritu Santo) ay nabibilang sa isang Pangalan: Jesus Cristo. Buweno.

<sup>91</sup> Ngayon, masdan n'yo ngayon habang tumutugaygay tayo. "Ang pitong Espiritu," sinabi Niya na humahawak . . . Sa madaling sabi, "hawak-hawak Niya ang Kanyang mga mensahero." Mga mensahero na papahiran ng Espiritu Santo, ng siya ring Espiritu Santo na nagpahid kay Pablo (ang pinakauna) hayan nga, sa ikalawa, ikatlo, ikaapat, ikalima, ikaanim, at ikapito, lahat sila'y nasa Kanyang kanang kamay. Oh, na nagmumula ang kanilang kapangyarihan at kanilang Liwanag mula sa Kanyang kanang kamay.

<sup>92</sup> Ngayon, Siya'y umakyat sa Itaas. At sabi ni Felipe, noong siya'y mamamatay na . . . O sinabi ni Esteban, "Nakikita ko ang kalangitan na nagbukas, at ang . . . at si Jesus ay nakaupo sa kanan ng Diyos." Hindi ibig sabihin nun na ang Diyos ay may napakalaking kamay at Siya'y nakaupo roon, pero ang ibig sabihin ng *kanang kamay* ay kanang kamay ng "kapangyarihan at kapamahalaan."

<sup>93</sup> Ang katawan na 'yun na nilikha ng Diyos . . . "Hindi Ko pahihintulutan ang Aking Banal na makakita ng kabulukan,

ni iiwanan Ko ang Kanyang kaluluwa sa impyerno, bagkus ay ibabangon Siya at ilalagay Siya sa lugar ng Espiritu sa dambana.” Masdan! Noong makita nila Siya—Siya na nakaupo sa dambana, at ang Aklat ay nasa Kanyang kamay, at walang tao sa lupa o sa ilalim man ng lupa, o saanmang dako, ang may kakayahan o karapat-dapat na tumingin man lang sa Aklat; pero isang Cordero na tila ba Ito’y pinaslang mula pa nang itatag ang sanlibutan, doon mismo sa pasimula noong Kanyang unang isipin ang tinubos na katawan na ito, dumating at kinuha mula sa kanang kamay Niya na nakaupo sa Luklukan, at naupo, Siya Mismo. Amen. Hayan nga. Yan ang mga Kasulatan. Sadya ngang ang ganda nito, kita n’yoy.

<sup>94</sup> Ngayon, “Ang magtagumpay ay mauupo kasama Ko sa Kanyang Luklukan, yamang Ako’y nagtagumpay at naupo sa Luklukan ng Aking Ama.” Sa madaling sabi, “Tinanggap Ko sa Aking katawan ang Espiritu Santo. Napagtagumpayan Ko ang lahat ng mga bagay sa mundo (sa tukso) sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at nagtagumpay!” (“At sa Kanya ay nananahan ang kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman.”) “Ang lahat ng mga kapangyarihan sa Kalangitan at lupa ay ibinigay sa Aking mga kamay,” ang sabi Niya. Ang lahat ng kapangyarihan! Kung ganoon pala’y nawalan ng kapangyarihan ang Diyos kung Siya’y ibang persona. Dahil sinabi ng Biblia, sinabi ni Jesus, pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, na “Ang buong kapangyarihan ng Kalangitan at lupa, pareho, ay ibinigay sa Aking kamay.”

<sup>95</sup> At si Jesus ay darating mula sa Langit kasama ang sampung makalibong sampung libo na Kanyang mga Banal, at sinasabi ng Biblia na “ang Kalangitan ay walang laman nang kalahating oras.” Nasaan ang malaking Personang ito, ang Diyos, kung ganoon? Uh-huh. Kita n’yoy? Siya’y nakay Cristo. Tunay! At sa pananagumpay natin sa pamamagitan ng Espiritu Santo gaya ng kamit Niya, tayo’y mauupo kasama Siya habang Siya’y mauupo sa panlupang luklukan ni David, para maupo at mamahala kasama Siya gaya ng ginawa Niya Doon sa itaas, (Amen!) kamit ang kapangyarihan at kapamahalaan sa buong sangkalupaan. “At sila’y. . . ang lupa ay dumadaing, hinihintay ang mga kahayagan ng mga anak ng Diyos na mahayag, bilang anak ng Diyos.”

<sup>96</sup> Dahil, kung tutuusin, ang mundong ito’y hindi ibinigay para kontrolin ng Diyos. Pansinin natin kung tama ba ’yan. Sino ang diyos ng lupa? Ang tao! Yan ang kanyang dominyon. Lahat, lahat ng bagay na nasa lupa ay sumasailalim sa tao. Sa pamamagitan ng kasalanan haya’t siya’y nahulog; sa pamamagitan naman ng tumutubos na kapangyarihan ni Cristo ay siya’y nanumbalik muli. Ganoon nga, dahil ang lupa’y sa tao, ibinigay ito sa kanya at siya ang tagapamahala ng lahat ng bagay. At ang buong kalikasan ay dumadaing, hinihintay ang panahon na ’yun kung

kailan ang mga anak ng Diyos ay mahahayag muli. Oh, grabe; oh, ang ganda! Mga kahayagan ng mga anak ng Diyos. Ngayon, iwan muna natin ang paksa na 'yan ngayon.

<sup>97</sup> Anupa't, ang mga mensahero ay nasa kanan Niyang kamay, naghihintay, saan mang dako Niya isugo sila, sila'y mangungusap at mangungusap ng siya ring bagay, dahil ang Espiritu Santo na nakay Cristo. . . Oh! Ang Espiritu na nakay Cristo! Noong Siya'y umalis, ang sabi Niya, "Kaunti pang panahon at ang sanlibutan," *kosmos*, griyegong salita na ang ibig sabihin ay "kalakaran ng sanlibutan," hindi ang lupa, ang sanlibutan, ang kalakaran ng sanlibutan, "ay hindi na Ako makikita pa," mga denominasyon, o kung ano pa, "ay hindi na Ako makikita pa, gayunman ay makikita ninyo Ako," ng Iglesya, ng mananampalataya, "sapagkat Ako," *Ako*, tama't panghalip panao, "Ako'y sasama sa inyo, sasa inyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Nakikita n'yo ba Ito?

<sup>98</sup> Mangyari nga na kung 'yun ang Espiritu Santo ni Cristo na dumating noong Araw ng Pentecostes na gumawa ng mga bagay na 'yun, 'yun pa rin ang Espiritu Santo ni Cristo na itinulak palabas *dito*, ang Espiritu Santo ni Cristo na nanghahawakan pa rin *dito*, ang Espiritu Santo ni Cristo'y nanghahawakan pa rin *dito*, hanggang *dito* hanggang sa katapusan ng mundo. Ang siya ring Espiritu Santo na pumuspos kay Pablo ng Espiritu Santo at mga bagay na kanyang ginawa, ay pupunuin ang isang *ito* (si Ireneo) para mapuspos ng Espiritu Santo, pupunuin si Martin para mapuspos ng Espiritu Santo, pupunuin ang iba pa sa kanila para mapuspos ng Espiritu Santo, at pinuno rin kayo Nito kayo at ako rin na pinuspos ng Espiritu Santo, at ito'y isang Pentecostal na mga Pagpapala mula sa isang kapanahunan ng iglesya patungo sa isa pa; Alpha at Omega, ang Katapusan at ang Pasimula, at ang Lahat, ang Ugat at Supling ni David, ang Tala sa Umaga, ang Rosa ng Saron, Lila ng Libis, marami pang iba, Ama, Anak, Espiritu Santo, Siya Noon, Ang Ngayon, at Ang Parating, ang Alpha, Omega, Lahat na, ang Lahat-Lahat! Oh, ang ganda! Iubunsod nga ako n'yan na umawit ng isang awit:

Oh, ano bang masasabi mo kung sino Ako,  
(sabi ni Jesus,) Saan бага Ako nagbuhat,  
Nakikilala mo ba ang Aking Ama, o masasabi  
mo ba ang Kanyang Pangalan?

Ang sabi Niya: Ako ang Alpha at Omega, ang  
pasimula mula wakas,  
AKO ANG buong sangnilikha, at Jesus ang  
Pangalan.

AKO NGA ang nangusap kay Moises sa nag-  
aapoy na kahoy ng Alab,  
AKO NGA ang Diyos ni Abraham, ang  
Maningning na Tala sa Umaga. (Ganoon

nga.)  
 AKO NGA ang Rosa ng Saron, at Saan ang  
 sinasabi mo na Ako'y nagbuhat?  
 AKO ANG buong sangnilikha, at Jesus ang  
 Pangalan.

99 Ang buong pamilya sa Kalangitan at lupa ay binigkis sa isang 'yun (na pangkalahatan, pinagpala, puspos-ng-Espiritu, nagpakababa, pinangalanan ng Espiritu Santo, binigkas ng Espiritu Santo, ipinanganak sa pamamagitan ng Espiritu Santo) na Pangalan. Ganoon nga. Ibinigay Ito ng Diyos sa buong pamilya sa Langit at lupa. At lahat ng kalakip doon, bawat tuhod, ay luluhod sa Pangalan na 'yun. "At walang ibang Pangalan ang ibinigay sa ilalim ng Langit kung saan ang tao'y maliligtas." Hindi *marahil, nararapat, kundi kinakailangang* maligtas. Oh, gustung-gusto ko Ito. Ito'y sadyang mainam. Buweno.

100 "Sa Kanyang kanang kamay." Ngayon nasumpungan n'yo na ba? Ito'y ang pentecostal na Iglesia; kapangyarihan, mga tanda, mga kababalaghan na ipinapamalas sa tuwina. Ngayon tayo'y... Tumugaygay sa Madidilim na Kapanahunan kung saan Ito'y halos napawi na. Ngayon kunin natin ang ika-2 talata na ito. Oh, sa palagay ko'y ituloy lang natin itong—itong kaunting karugtong mula sa una:

... *Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay.*

101 Bumaling tayo sa kasunod na iglesya rito, makikita n'yo, "Subalit hindi ninyo tinanggihan ang aking pangalan." Sa kasunod naman na iglesya, "Hindi tinanggihan ang aking pangalan." Pero dito sa iglesyang *ito*, "Ikaw ay *may* pangalan." Masdan n'yo rito! *Itong* iglesya rito'y pinanatili ang Kanyang Pangalan; *itong* iglesya rito'y pinanatili ang Kanyang Pangalan; *itong* iglesya rito'y pinanatili ang Kanyang Pangalan; at *itong* iglesya rito ay dumaan sa isang Madilim na Kapanahunan at walang anumang bagay na sinabi tungkol dito; noong lumabas sila patungo sa Buhay sa bahaging *ito*, ang unang munting tumakas, noong ilabas sila ni Luther, "Kayo'y may *isang* pangalan na kayo'y buhay, pero kayo ay patay." Ngayon, anong pangalan ang ginamit nila matapos na huminto sila sa paggamit sa Pangalan ni Jesus? Ama, Anak, Espiritu Santo. At wala namang ganoon talaga. Isa 'yung patay—isa 'yung patay na teolohiya.

102 Sabihin n'yo sa akin, ang Ama ba'y pangalan? Ilan po ang mga tatay rito? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Sino sa inyo ang pinangalanan na Ama? Mga anak? At mga tao? Yun—'yun 'yung kung ano 'yun. Hindi 'yun... Ang Pangalan Nito ay hindi Espiritu Santo, 'yun 'yung kung ano Ito; Ito *ay* Espiritu Santo.



Ang pangalan . . . Ang Espiritu Santo ay hindi pangalan, ang Espiritu Santo ay isang titulo; Ama, Anak, at Espiritu Santo.

<sup>103</sup> Kaya makikita n'yo riyan, ito'y walang katuturan gaya ng Walang Hanggang pagka-anak. Wala ngang ganoon na Walang Hanggan na pagka-anak. Ang isang anak ay ipinapanganak na may pinagmulan; ang Walang Hanggan ay kailanman walang ganoon.

<sup>104</sup> Walang ganoong bagay, gaya ng nabanggit ko nung isang gabi, na isang Walang Hanggang impyerno. Papaano nga kayo nakahantong sa Walang Hanggang impyerno? Sa tuwina'y may impyerno, nga. Sinabi ng Biblia, "Ito'y nilikha para sa diyablo at kanyang mga anghel." Magiging may impyerno sa tuwina; kung mayroon sa tuwina, marapat lamang na may ganoon sa pasimula. At ano . . . Sino ang gumamit nun doon noong—noong Siya ay *El, Elah, Elohim*, "ang mag-Isang kusang nabubuhay," noong wala pang anumang bagay? Kung ganoon ba'y ang impyerno'y naroon kasama Siya. Kita n'yo? "Ang impyerno'y ginawa para sa diyablo at kanyang mga anghel. At lahat ng masasama'y itatapon doon." Ganoon nga mismo. Sila'y parurusahan nang marahil sandaang milyong taon dahil sa bagay na ginawa nila. Pero sasapit sila sa isang panahon na sila'y magkakaroon ng ikalawang kamatayan. Walang matitira sa kanila. Lahat ng may pasimula ay may wakas. Kaya noong tumanggap tayo ng Buhay na Walang Hanggan, tinatanggap natin ang bahagi ng kosmikong liwanag na naroon noon sa ibayo bago pa magkaroon ng isang molekyula. Uh-huh. Ang Liwanag ng Diyos ay dumadako sa ating mga puso na nagliliwanag sa atin para makita natin si Jesus. Ang sabi ng Biblia, "Hindi natin nakikita ang lahat ng mga bagay, subalit nakikita natin si Jesus."

<sup>105</sup> Ngayon, ang sabi Niya, "Talastas Ko na siya . . . Ako'y Siya na may pitong Espiritu na isinusugo sa pitong iglesya. Nalalaman Ko ang lahat ng inyong mga gawa at lahat ng tungkol dito, pero may pangalan kayo na kayo'y nabubuhay pero kayo'y patay." Ngayon, alalahanin n'yo; kaninong kapanahunan ito? Kay Martin Luther, ang kapanahunan ng Lutheran. Ngayon, sila'y kinondena na sa pasimula pa lang. Hindi pa nga nagpapasimula, sila'y patay na agad sa simula. Hindi nila kailangang mamatay, sila'y patay na sa simula pa lang. Kita n'yo, sila'y basta lamang "inagaw palabas."

<sup>106</sup> Ngayon pansinin n'yo ito. Ngayon basahin natin ang kasunod na talata:

Masdan! *Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios.*

107 Ngayon, siya'y nakikipag-usap kay Luther ngayon. Lahat tayo'y tinatanggap mismo na ito—ito ang kapanahunan ng Lutheran, 'yun ang repormasyon. Ngayon ano ang sinabi Niya? "Nagdala ka ng huwad na pangalan na kayo'y 'nabubuhay,' pero kayo'y patay." Anong ginawa nila? Isinuplong nila ito pabalik sa denominasyon uli. Pagkatapos, "hindi na matatawag ng kaldero ang takure na 'itim,'" hindi n'yo masasabi, "ang Katoliko!" Kita n'yo, dahil nasadlak din kayo pabalik dun, na ginagamit ang kanyang parehong mga kredo at mga pangalan. At, buweno, dinala ni Luther palabas ang marami sa mga katesismo at lahat ng iba na mayroon ang iglesyang Katoliko, at kumuha ng pangalan para sa kanilang sarili. Kita n'yo, "Mayroon kayong pangalan na kayo'y 'nabubuhay,' na nanggaling mula rito sa patay nang libong taon dito, at pinanghahawakan n'yo pa rin ang pangalan na 'yan." "Mayroon kang *isang* pangalan," naalala n'yo?

108 Para masigurado na tama 'yan, sa ibang mga iglesya, ang sabi, "Inyong iningatan ang Aking Pangalan." "Inyong iningatan ang Aking Pangalan." Sa kapanahunan naman na *ito* kanilang "nawaglit Ito." At tumugaygay rito at ang sabi, "Kayo ay may ibang pangalan na kayo'y 'nabubuhay,' pero kayo'y patay."

109 Oh, kayo na mga Methodist, mga Baptist, Presbyterian, mga Lutheran, at Pentecostal, mangagsisi kayo at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan. Kita n'yo? Lumabas kayo mula sa lumang patay na mga kredo na 'yan at mga bagay na nabibilang sa iglesyang Katoliko na tutupukin pati ang lahat ng kanyang mga anak na babae kasama nun.

110 Wala ngang makakapagsabi ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," na 'yan ay uri ng... At 'yang bagay na 'yan, haya't tinatawag nilang "Santisima Trinidad." Trinidad? Nais ko nga kung may sinuman na makakahanap nung salitang *trinidad* sa Biblia, at lumapit lang at sabihin sa akin ang tungkol dito, sige't hanapin n'yo ang salitang *trinidad*. Wala nga 'yun dun. Walang ganoong bagay.

111 Ngayon, ngayon:

... at *malapit ng mamatay*: ...

112 "Panghawakan n'yo 'yang kamit n'yo, inagaw kayo palabas ni Luther. Panghawakan n'yo 'yan, dahil ito'y malapit nang mamatay. Kayo'y... Pipigain nila kayo pabalik dito uli. Panghawakan n'yo 'yun, ito'y malapit nang mamatay."

113 Ngayon:

... at *wala akong nasumpungan* na kayo'y ginawang sakdal na sa *harapan ng aking Dios*.

114 Hindi ba't ang ganda nito? Oh, grabe! Gustung-gusto ko 'yan. "Hindi sakdal." Bakit? Sila'y inaring ganap lamang, si

Luther ay nangaral ng pag-aaring ganap; pero kinakailangan na kayo'y papaging banalin at pagkatapos ay mapuspos ng Espiritu Santo. At pagkatapos nun sila'y hindi na sa ganang kanila, sila'y pinaging sakdal na sa pamamagitan ng Espiritu Santo na nasa kanila. Hindi yaong—hindi yaong Cristiano ang sakdal, ito'y ang sakdal na Espiritu Santo na nasa kanya. Kita n'yo? Yun ang . . . Gaya ng sinabi ko na, “Hindi ang bundok ang banal, ang Banal na Diyos 'yun na nasa bundok. Hindi banal na iglesya, ni banal na mga tao, kundi ito'y ang Espiritu Santo na nasa Iglesya at sa mga tao.” Yun ang *Banal* na bahagi, kita n'yo.

115 “At hindi Ko nasupumpungan ang inyong mga gawa na sakdal. Hindi pa kayo nakauusad patungong kasakdalan.” Dahil nasumpungan natin ngayon na ang kamit nila'y pag-aaring ganap *dito*, pag-aaring ganap. At ito rito'y . . . Hindi po pala, pasensya na po. Ang pag-aaring ganap ay *nandito* sa ilalim ni Luther; at ang pagpapaging banal ay *nandito*; at *dito* naman ang Espiritu Santo. Kita n'yo? Ngayon, ang tatlong elemento na 'yun na gumagawa sa tatlong kapanahunan ng iglesyang 'yun, 'yun ang kinakailangan para maisagawa ang buong kapanganakan. Sila'y pinaglilahi pa lamang bilang isang munting binhi sa sinapupunan ng nanay. Ganoon nga, ang Espiritu Santo na dumarating para magsilang.

116 Ngayon gusto ko kayong tanungin ng isang bagay. Kapag ang isang natural na kapanganakan ay nangyayari, ano ang unang bagay na nangyayari? Tubig. Ano ang kasunod? Dugo. Tama ba? Ano ang kasunod? Espiritu. Ganoon nga.

117 Anong lumabas sa katawan ni Jesus noong Siya'y mamatay? Sinibat nila ang Kanyang tagiliran, at ang tubig at Dugo'y lumabas, “At sa Iyong mga kamay ay itinatagubilin Ko ang Aking Espiritu.” Tubig, Dugo, Espiritu.

118 “Yaman nga na mga inaring ganap na sa pananampalataya,” Mga Taga-Roma 5:1, “mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo,” pag-aaring ganap. Pagpapaging banal, Mga Hebreo 13:12 at 13, “Si Jesus ay nagbata sa labas ng mga pintuan nang sa gayon ay Kanyang papaging banalin ang tao sa Sarili Niyang Dugo.” Lucas 24:49, “Datapuwat magsipanatili kayo sa bayan ng Jerusalem hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihan mula sa Itaas. Pagkatapos nito ang Espiritu Santo'y dadako sa inyo, *pagkatapos* kayo'y magiging saksi Ko sa Jerusalem, Judea, Samaria . . .”

119 Hindi kung kailan naging obispo kayo, hindi kung kailan naging diyakono kayo, hindi kung kailan naging pastor kayo, hindi kung kailan naging papa kayo, “Kundi pagkatapos nito ang Espiritu Santo ay dadako sa inyo, pagkatapos nun kayo'y sasaksi.” Ang nagagawa n'yo lang ay sumaksi ukol sa inyong iglesya at ukol sa inyong kredo, bilang isang . . .kung kayo'y

isang diyakono, o kung kayo'y isang pastor lamang, o kung kayo'y isang papa, o kung kayo'y . . . Kayo'y sumasaksi sa kredo! Pero kapag ang Espiritu Santo ay dumako sa inyo, kung ganoon kayo'y sumasaksi sa Kanya! At ang mga gawa na Kanyang ginawa, inyong gagawin din, dahil ang Kanyang Buhay ay nasa inyo. Oh, oh! Ang ganda, ang ganda! Gustung-gusto ko. Siyanga, po. Oh, nakukuha ko ito, ang ukol Dito nang higit dito, naniniwala ako, kaysa sa magagawa n'yo riyon. Talagang ang sarap ng pakiramdam ko Rito.

<sup>120</sup> “Mga bagay na handa nang mamatay, panghawakan ninyo ang mga ito.” Ngayon ang sabi niya rito, ngayon sa ika-3 talata:

*Alalahanin mo nga kung paanong iyo ngang tinanggap at narinig, (Gustung-gusto ko 'yan.) at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat, ay paririyon akong sa iyo na gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon na ako'y . . . paririyon sa iyo.*

<sup>121</sup> “Ingatan ang inyong pag-aaring ganap, manatili kayo rito.” Huwag n'yong hahayaan ang mga tao na aagawin 'yan palayo sa inyo. “Na ang siya rin na inyong tinanggap, na inyong napakinggan.” Binabasa nila ang siya ring Biblia na binabasa natin, kita n'yo. Pero hindi lamang nila nakuha ang kabuoan Nito, dahil Ito'y hindi inihayag sa kanila. Hindi 'yun para sa kanilang kapanahunan. Yan ang dahilan kung bakit babangon sila sa pagkabuhay na mag-uli. Lumakad sila sa Liwanag na kinailangan nilang lakaran, kaya sila'y babangon mismo.

<sup>122</sup> Ngayon, marami akong narinig na mga Pentecostal na nangangaral ng bautismo, na sinasabi, “Ang mga Lutheran, at iba pa, hindi sila mabubuhay muli.” Oh, siyanga. Alam n'yo na ba 'yung munting kuwento tungkol kay Dr. Hegre doon. Noong sinabi ko sa kanya . . . Ang sabi niya kasi, “Ano ba kami?” Sabi ko . . . Alam n'yo, sila ang nagpatayo nung malaking seminaryo ng Lutheran doon, Bethany, sa Minneapolis. Tapos sabi niya, “Buweno, ano bang mayroon kami na mga Lutheran?”

Sabi ko, “Buweno, sasabihin ko sa iyo. Naniniwala ako na kamit n'yo si Cristo.”

Tapos sabi niya, “Buweno, hinahangad namin—hinahangad namin ang Espiritu Santo.” Sabi niya, “Sa palagay mo ba kamit namin Ito?”

Sabi ko, “Sa potensyal.” Tapos sabi ko, “Kayo'y sumasampalataya patungo Rito.”

Sabi niya, “Buweno, anong ibig mong sabihin?”

<sup>123</sup> Ngayon, mayroon silang libo-libong hektarya dun na 'yung mga estudyante nila . . . kung hindi sila—hindi sila makabayad para makatapos, sila'y pinagtrabaho para makatapos at magtanim lang sila ng mais. Sabi ko, “Buweno . . .” Doon nga'y

may—may naglalalaking mga mesa. Pinaghandaan nga nila ako ng isa sa mga malaking piging na hapunan doon sa malaking seminaryo. At ngayon, mangyari po na maiinam na kalalakihan sila; Si Dr. Hegre na nakaupo *rito*, at si Kapatid na Moore ay *dito* naman; mangyari nga na pinaupo ko siya sa malapit na kung siya'y magbabanggit ng kung anong malalalim na salita na di ko alam, sesensyasan ko si Jack gamit ang binti ko at aalamin ko kung anong sinabi niya, kita n'yo. Kaya pagkatapos, sabi ko . . .

<sup>124</sup> Naupo siya sa tabi ko, tapos sabi niya, “Buweno, ang nais naming gawin ay masumpungan ang isang bagay rito.” Sabi, “Kami'y gutom sa Diyos.” Tapos sabi, “Nakabasa kami ng libro tungkol sa Pentecostal, *The Gifts*.” Tapos sabi, “Nagtungo kami . . . isang grupo ng kapatiran ang lumipad patungong California, nakatagpo namin ang lalaki na sumulat nung libro.” (At kilala ko siya.) Sabi niya, “Nais namin sanang makakita ng ilan sa mga kaloob na 'yun na gumagana.’ Sabi nung lalaki, ‘Wala ako ng anuman sa mga 'yan,’ sabi, ‘nagsulat lang ako tungkol sa mga ito.’” Kaya ang sabi niya . . . At sabi, “Kaya noong magtungo kami roon at nang masaksihan ito, kami'y nagutom talaga. Ninanais namin ang Diyos.”

<sup>125</sup> Tapos sabi ko, “Buweno, isang beses may isang lalaki na dumako roon.” Alam n'yo, sa sarili niyang lupain, kita n'yo. “Isang lalaki ang dumako roon at binungkal ang malaking bukid. At pinagbubunot niya ang lahat ng mga ugat nito, at lahat, at pagkatapos ay nagtanim siya ng mais. Kada umaga lumalabas siya sa pinto at tumatanaw para makita kung mayroon na ba siyang mais. Malalaman n'yo na lang, isang umaga, dalawang munting dahon ang umusbong.” (Sinuman na nagpapatubo ng mais . . . Nasaan po sina George Wright at sila, sina Roy Slaughter at sila? Alam n'yo, 'yung dalawang munting dahon na 'yun na umusbong.) “‘Oh,’ sabi niya, ‘Purihin ang Diyos para sa bukid ko ng mais.’”

Sabi ko, “Mayroon ba siyang bukid ng mais?”

Sabi niya, “Buweno, sa isang anggulo.”

<sup>126</sup> Sabi ko, “Sa potensyal, oo.” Sabi ko, “Yun kayo na mga Lutheran sa unang repormasyon, na nag-usbong ng munting dahon, kita n'yo.” “Buweno,” sabi ko, “sa paglaon at paglaon ang mais nga'y tumubo.” Hindi ko na binanggit sa kanya ang tungkol sa “paglalagas,” kita n'yo, direktso na ako sa mais, na tumubo.

<sup>127</sup> Tapos ang sabi ko, “Tumubo ang mais, at paglipas ng panahon nagkaroon ito ng tungkos. At 'yung tungkos na 'yun ay tumingin pababa sa dahon at ang sabi, ‘Ha-ha-ha-ha-ha, wala ka na, kayo na matandang pormal na mga Lutheran.’ Kita n'yo? Sabi, ‘Ako ang . . . Ako—ako'y tagapagparami, ang dakilang panahon ng pagmimisyon.’ Umhip ang hangin, at ang munting mga tungkos ay nalagas nang parang ganoon at natuyo; 'yun si Wesley, pagpapaging banal.” Kita n'yo? Yun ang dakilang

panahon ng pagmimisyon na nagkaroon tayo, na naging iglesya ng Wesleyan, noong panahon ni Wesley, na anupa't nahigitan pa nga ang kapanahunan na ito. Ang Kapanahunan ng Iglesyang Wesleyan, isa 'yung panahon ng pagmimisyon, at 'yun ay lumaganap. Anong ginawa nun, ikinalat nito—ikinalat nito Ito.

<sup>128</sup> Kita n'yo, maging ang kalikasan ay sumasaksi sa tatlong ito, mismo. Ang kalikasan mismo, ginawa ng Diyos ito sa pasimula para maging ganoon ito. Hindi mo kailangang magkaroon ng Biblia, maaari kang tumingin lang sa kalikasan at makikita mo na kung nasaan ka. Kita n'yo?

<sup>129</sup> At pagkatapos. . . At doon paglaon ito'y nalagas. At anong umusbong? Umusbong nga ang puso ng mais, na mayroon nang mga laman; 'yun ang Pentecostal na grupo. Ngayon, ang Pentecostal na grupo ay ang siya ring uri ng grupo sa ibaba *rito*. Mula *rito* siya'y may dalawang dahon ng mais, si Luther; *dito* siya'y may tungkos na, si Wesley; at sa dako *rito* siya'y may butil ng mais (Ano?) na saktong-sakto na gaya nung *narito* sa ibaba. Siya ring bagay!

<sup>130</sup> Buweno ngayon, ano itong narito? Sasabihin n'yo, "Buweno, ngayon," ang sabi ng Pentecostal, "Wala na akong pakinabang sa inyo na Methodist o kayo na mga Lutheran." Pero, sa kabila nun, ang mismong buhay na naroon noon sa dalawang munting dahon ay tumulong para buuin ang tungkos. At 'yung buhay na naroon sa tungkos ay binuo ang mais. Kaya, kita n'yo, itong kabuoan nito'y programa ng Diyos. Sila'y may Espiritu Santo, sa potensyal; ganoon din si Wesley, sa ilalim ng pagpapaging banal; pero ngayon ipinanumbalik nito ang pagsasalita sa iba't ibang wika at pagsasauli ng simula na *maparito*. Ang siya ring Espiritu Santo, kita n'yo, ang mga tunay. Amen. Oo.

<sup>131</sup> Buweno, "Panghawakan n'yong mainam ang inyong narinig, kung hindi'y mamamatay ito." Ngayon sa ika-4 na talata, sa palagay ko:

*Ikaw ay mayroong ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit; at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi: sapagka't sila'y karapatdapat.*

<sup>132</sup> "Ngayon, huwag kayong bumuo ng denominasyon mula Rito, hindi natin gusto 'yan." Hindi, aking. . . Maling talata yata ang aking—aking nabasa, hindi po ba? O tama po ba? Siyanga, siyanga, tama pala. Oo. Sige. Oo, "Sa Sardis, hindi nangagdumi ng kanilang mga damt." May kakaunti pa sa kanila na hindi pa rin yumuyuko sa bagay na 'yun, at pinanatili ang kanilang mga sarili na dalisay at malinis; ang dati pang mga tumugaygay mula noong Pentecostes, ang mga puspos-ng-Espiritu. Marami sa kanila ay hayan nga, noong ang kapanahunan ni Luther ay magsimulang maging denominasyon; anong ginawa nila? Unti-unti nga gaya ng sinabi ng Biblia, "Kumikilos na gaya ng

kanilang nanay.” Bumabalik, nagpapasimula na naman ng isang denominasyon. Pero may ilan sa kanila ang nanindigan na hindi nila gagawin 'yun, umiwas sila doon alang-alang sa Diyos. Sabi, sabi nila—sabi nila, “Buweno, sige, mayroon kayong ilang mga pangalan, at sila'y karapat-dapat na lumakad sa harap Ko, na nadadamitan ng puti. Huwag kayong bumuo ng denominasyon. Huwag n'yong tanggapin ang doktrinang Nicolaita, siyanga. Huwag kayong magpasimula ng inyong denominasyon muli, bagkus ay manatiling malaya sa Diyos. Hayaan n'yo ang Espiritu Santo na pangunahan kayo sa paghayo n'yo. May kakaunti pa sa kanila na natitira.”

133 Ngayon ang ika-5 talata, sa palagay ko:

*Ang may pakinig, ay maki-. . .*

134 Tingnan natin. Hindi.

*Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin. . . ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng mga anghel.*

135 Ngayon, “ilang mga pangalan.” Napaka kakaunti't, munting nalabi, ang natira na hindi tinanggap ang. . . tinanggap. . . na napangibabawan ng Katolikong doktrina. Buweno.

136 Ngayon sumapit na tayo rito para ipangusap ang tungkol sa repormasyon. Nais kong. . . Hindi ko na sinaysay ang pambungad na impormasyon tungkol kay Luther para makarating na ako rito. Ngayon ang sabi ng kasunod na talata:

*Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.*

137 Ang Diyos, ay sinisikap na balaan sila na lumayo rito sa Nicolaitanismo, “Lumayo kayo mula riyang! Panatilihin n'yong ang mga damit n'yo ay walang mantas mula sa anumang bagay ng sanlibutan!” Manatili lang na malaya sa Kanya, at Kanyang pangungunahan sila at papatnubayan sila. Ngayon, 'yan ang unang pasimula.

138 Ngayon, ang ibig sabihin ko sa *repormasyon* ay “ang mga nakatakas,” ang mga nakatakas maging sa iglesya ng Sardis. Nauunawaan n'yo ba ang ibig kong sabihin? Sila na nakatakas mula sa katakot-takot na bagay na 'yun. Ngayon ito. . . Ngayon, itutuloy natin 'yan uli bukas ng gabi at dadalhin ito dito sa. . . sa Pentecostal na kapanahunan, at ipapakita sa inyo na 'yun mismo ito. Ngayon, mayroon sa mga bagay na ito, na pinag-usapan natin dito: ang “Papaano nila natakasan ito?” Ngayon, itutuloy natin 'yan, doon sa susunod na kapanahunan. Kita n'yo, itutuloy natin 'yan para paglakipin. Kung hindi, kung ganoon iyong—iyong—iyong—iyong mapapalampas na mailahad sa—sa mga tao. . . patitimuin 'yun sa susunod na kapanahunan, kita

n'yo. Kinakailangan na ilahad mo ito sa kung papaano mismo ito inilahad ng Biblia, kita n'yo. Sige.

<sup>139</sup> Ngayon, ang mga nakatakas ang tinutukoy Niya rito. Heto nga sila *rito*, itong munti't hamak na grupo dito na namumuhay sa pamamagitan ng pag-aaring ganap. Ngayon tingnan n'yo! Sila'y lumabas, nakita nila ang Liwanag, si Luther na bumaling sa . . . Matapos mamatay ni Luther, haya't hindi nga si Luther; hindi bumuo ng organisasyon si Luther; 'yung grupo na 'yun pagkatapos niya ang nag-organisa. Si Wesley ay hindi rin bumuo ng organisasyon; 'yung grupo pagkatapos niya ang bumuo. Sila na mga matatandang patatagan ng Pentecostal ay hindi bumuo ng isang organisasyon; yaong grupo pagkatapos nila ang bumuo. Sila ang gumawa nun, kita n'yo, yaong pangalawang sumunod ang gumawa nun. Ang tunay na anghel ng Liwanag ay hindi kailanman bubuo ng isang organisasyon! At makikita n'yo dito sa—dito sa Pentecostal na kapanahunan kung ano ang umusbong sa dulo ng organisasyon na 'yun, din; kita n'yo, kapag inihayag na ito ng Espiritu Santo sa atin.

<sup>140</sup> Ngayon, ang sabi Niya, “May natitira ka pang munting Liwanag, na kakaunti na lamang, malapit na Itong mamatay; ito'y aandap-andap na, ito'y pag-aaring ganap lang, magagawa pa rin nila na madala kayo sa alinmang panig. Hindi n'yo pa nakakamit ang anumang Buhay, dahil kumuha kayo ng maling pangalan. Pero kayo'y—kayo'y . . . mabuti na lang at kayo'y inagaw palabas. Kita n'yo, kayo ay . . . inyo—inyong natakasan ang iglesyang Romano. Natakasan n'yo ang lahat ng mga dogmang 'yun, at kayo'y nakalabas nang ganoong kalayo.” Ngayon, binabasa n'yo na ang parehong Biblia. Ngayon, pero ang parehong Biblia na nagtuturo ng Espiritu Santo . . . Hindi Niya sila kinondena sa kung anong mayroon sila. Sabi, “Ngayon 'yan ay . . . ingatan n'yo ito hanggang sa Ako'y dumating. Kita n'yo, sadyang manatili na manghawakan.”

<sup>141</sup> Ngayon, nagsimula ang kapanahunan ng iglesyang ito noong mga 1520, noong ang Romanong, unibersal na Katolikong iglesya ay namamayagpag. Tumagal 'yun hanggang sa ika-tatlumpu't isa ng Oktubre (Kung lahat kayo'y inililista ito.) Ika-tatlumpu't isa ng Oktubre, 1570 A.D., noong ipako ni Martin Luther ang kanyang ika-siyamnapu't limang tisis sa pintuan ng simbahan sa Wittenberg, Alemanya, at mula sa sandali na 'yun ay nag-umpisa ang Repormasyon. Nakuha n'yo po ba ang mga petsa? Sige't babanggitin ko uli para makasigurado kayo. Ika-tatlumpu't isa ng Oktubre, 1570 A.D., noong ipako ni Martin Luther ang kanyang ika-siyamnapu't limang tisis sa pintuan ng simbahan sa Wittenberg, W-i-t-t-e-n-b-u-r-g, Wittenberg, Alemanya. Mula sa petsa na 'yan ay umusad ang repormasyon, ang liyab nga'y nagsimulang kumalat. Prinotesta niya ang iglesyang Katoliko habang nakatayo roon, na sa kamay niya'y nakapaganoon, sabi niya, “Ito ba ang banal na Katawan



ni Cristo? Aba't wafer lang ito at kaunting alak!" At "wham!" itinapon niya 'yun sa sahig. Ganoon nga.

142 Prinotesta niya ang iglesyang Katoliko, at ang... 'yun ang nagpasimula... ang munting mga inagaw ay lumitaw pagkatapos. Buweno, ang... nag-umpisa agad. Pero mas naging isang—isang laban 'yun para sa kapangyarihang pulitikal kaysa sa para sa tunay na totoong Iglesya, kung pagbabasehan ang Cristianong mga pamantayan. Ang ipinaglaban lang nila'y para sa karapatang pulitikal na lumabas ng iglesya at gumawa ng isa pang iglesya. Hindi sila nareporma, sa paglabas mula sa iglesyang Katoliko para sana ipanumbalik muli ang Espiritu Santo at kapangyarihan sa iglesya, dahil tinanggihan nila Ito. Huh? Isa kasi 'yung pulitikal na pakikibaka. Doon nga 'yun saktong lalapat, "Mayroon kayong pangalan na kayo'y nabubuhay, at kayo'y patay." Sa madaling salita, ibinunsod lamang niya ang Protestanteng denominasyon, ganoon lang. Naglabas siya ng isang anak na babae mula sa isang iglesya. Palabas sa... Nagdala siya palabas ng isang patotot mula sa mismong patotot. Ganoon mismo ang nangyari. Pinalitaw lamang niya si Athaliah mula kay Jezebel.

143 Ngayon, sinuman na binabasa ang Repormasyon ay nalalaman ito, dahil kanya lamang... Yung ilan sa mga matatandang reliko at mga panuntunan na... at mga seremonya, kanya—kanya ngang giniba mismo ang mga ito, pero pagdating sa pagpapabalik ng Espiritu Santo sa iglesya gaya ng kung papaano ito noon *dito*, hindi niya 'yun nagawa. hindi, po. Mas pulitikal na laban 'yun kaysa sa isang espiritual na pakikibaka. Yun nga'y pulitika sa halip na Espiritu Santo. Hindi pa siya nakakapasok sa Iglesya. Oh, kapatid, hindi pa Siya nakakabalik; Siya'y bumalik lang *dito*, hindi *doon*.

144 Ngayon, isa nga 'yung malakihang pulitikal na pakikibaka, pero hindi 'yun para sa Banal na mga Kasulatan at sa—at sa Espiritu Santo. Isa 'yung pulitikal na pakikibaka na kanyang inalis ang ilan sa matatandang reliko na krusipiho, at mga "*Aba Ginoong Maria*," at lahat ng 'yun. Pero dala-dala niya pa rin ang katesismo. Dala-dala pa rin niya ito... Ano ngang tawag n'yo dun? Yung mga gawain ng pagtatalaga ng kung ano man 'yun doon kapag sila'y nagtutungo roon sa umaga ng Pasko ng Pagkabuhay at ang pastor ay bumabati ng "Maligayang Pasko," alam n'yo. "Hindi ko na kasi sila makikita hanggang sa mag-Pasko uli," sabi niya, alam n'yo. Yung... oh, kumpil—kumpil na gawain, 'yun ang gusto kong sabihin. Dadalhin sila roon at mangungumpil sila, bibigyan sila ng unang komunyon at ikukumpil sila. Wala ngang ganoon na kumpil-kumpil. Ang tanging kumpil na nabanggit sa Biblia, noong sa—sa Biblia, ay noong kumpirmahin ng Diyos ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng mga tanda't mga kababalaghan na lumalakip. Yun ang pagkukumpirma, hindi 'yung kumpil na magiging

kaanib sa isang iglesyang Lutheran, kundi kinukumpirma ng Diyos ang Kanyang Salita sa inyo. “Kung papaanong ang Panginoon ay . . . kumilos sa kanila,” Marcos 16, “kinukumpirma ang Salita na may tandang lumalakip.” Yan ang kumpirmasyon sa pentecostal na Iglesya. Yan ang kumpir- . . . Kinukumpirma ng Diyos ang Kanyang Sarili na buhay, bilang isang nagpapamalasing-himalang Diyos sa Iglesya, pagsasalita sa iba’t ibang wika, pagpapaliwanag ng mga wika, at ginagawa ang siya ring bagay na ginagawa nila noon sa pasimula.

<sup>145</sup> Napapagod ko po ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Sige. Ngayon, pansinin, hindi nila ipinanumbalik ang rebaybal ng Espiritu Santo; ang naipanumbalik nila’y isang bagong kapanahunan ng iglesya. Ang naipanumbalik nila’y isang naagaw palabas na grupo; na tumakas mula sa herarkiyang Romano, para gumawa ng Protestanteng herarkiya. Yun lang ang tanging bagay na ginawa nila. Tumalon paalis mula sa kawali’t tumungo sa apoy, kita n’yo. Ito—ito’y ganoon nga. Sakto talaga.

<sup>146</sup> Si Jezebel na nanganak lamang ng isang anak na babae. At ngayon huwag n’yong isipin na sinasabi ko ito para—para umakting matalino, sinasabi ko po ito dahil sinasabi mismo ng Biblia! Ang Biblia, sa Apocalipsis 17, ang sabi, “Siya ang nanay ng mga patotot.” Sinabi ni Jesus dito, “Kung papaano noon si Jezebel, ay gayundin siya.” At siya’y nagluwal ng mga anak na babae na sinalaula ang—ang bansa na di salaula. Ngayon, ’yan mismo ang ginawa ng Protestantismo sa tunay na Espiritu ng Diyos, sinalaula nun ang bagay na ’yun at ibinalik sa panibagong organisasyon. Na, kung loobin ng Diyos, sa Linggo ng umaga, nais kong ipakita sa inyo na—na—na sila’y gumawa ng larawan ukol sa hayop, at ang hayop ay ang Roma. At sila’y gumawa ng isang larawan na *kagaya* nun. Ano ’yun? Isang organisasyon! Oh, umaasa ako na babaon ’yan sa puso ng mga tao.

<sup>147</sup> At siguro’y iniisip n’yo kung bakit ganoon na lamang kariin ang paglaban ko sa organisasyon sa buong buhay ko; sa sarili ko’y hindi ko alam. Pero Ito’y isang *Bagay* sa loob ko na sumisigaw; hindi ko mapigilan. Ako man ay nag-iisip, lagi kong pinagninilayan, kung bakit ko laging pinupuna ang mga kababaihan? Kita n’yo? Buong buhay ko. Hindi ang tu- . . . Ang ibig kong sabihin. . . hindi ko ibig sabihin na mga tunay na kababaihan; ang ibig kong sabihin ay itong mga *tunay sanang* mga kababaihan, alam n’yo, na napigtas ang mga hiblang moral nila’t lahat na. Alam n’yo. Yan ’yung uri na aking . . . isang *Bagay* na nasa loob ko.

<sup>148</sup> Noong ako’y munti’t, maliit, na bata pa, sa dako roon, nakikita ko ang mga mga kababaihan na naglalalakad dun sa kalsada, at ang kanilang . . . nalalaman na ang kanilang asawang lalaki’y nagtratrabaho, pero hayun nga ang mga asawa nilang lalaki na lasing, may kasama; dun sa gilid ng kalsada, at inaalalayan nila sila sa paglalalakad sa kalsada, papahupain ang

kalasingan nang sapat para makauwi sila, lulutuan ang kanilang asawang lalaki ng hapunan. Sinasabi ko nga na di sila karapat-dapat maski sa malinis na bala na tatagos sa kanila. Ganoon nga. Sinabi ko na mas mababa pa sila sa mga hayop, dahil sa ginagawang bagay na tulad nun. At ako. . . Noong ako'y disi siyete, disi otso, makakakita ako ng—ng babae na lumalakad sa kalsada, tatawid ako sa kabila, sinasabi ko, “Ang umaalingasaw na ulupong na 'yun.” Kita n'yo? At ako nga'y maituturing na sukdulan ang pagkamuhi, pero noong tanggapin ko ang Diyos sa aking puso, ipinaalam sa akin ng Diyos na mayroon Siyang ilang mga hiyas sa dako roon, mayroon Siyang tunay na mga binibini. Na hindi nila dudungisan ang kanilang sarili kagaya nun; salamat sa Diyos dahil sa kanila.

<sup>149</sup> Noong naroon ako sa Aprika, noong naroon ako sa Switzerland, at noong naroon ako sa Roma, tinatanong ako nang madalas ng tanong na ito, “Uy, sabihin n'yo nga po, Kapatid na Branham, wala na ba kayong disentang mga kababaihan sa Amerika? Bawat kanta kasi na nakakaabot dito, may kung anong bagay na mahalay tungkol sa inyong mga kababaihan.”

<sup>150</sup> Sabi ko, “Yan ang mga Amerikano. Pero may isa pa tayong Kaharian na umiiral sa dako roon, 'yun ang Kaharian ng Diyos; sila'y talagang mga binibini hanggang sa kaibuturan.” Sila nga!

<sup>151</sup> Sinabi ng Biblia, doon sa—sa mga propeta, sabi . . . sa palagay ko sa ika-5 kabanata 'yun ng Isaias, di ko lang sigurado, marahil nasa ika-5 o ika-6 na kabanata 'yun dun; sinasabi dun, “Mapalad ang mga anak na babaing 'yun ng Zion, na makaaalpas sa araw na 'yun mula sa lahat ng mga bagay na 'yun.” Kung papaano nga na lalakad siya sa kalsada; na 'yung stockings niya ay nililis papaba; maarteng maglalakad nang paganoon; may pakendeng-kendeng pa na gaya nun, at ang mga bagay-bagay na ginagawa niya. Kung papaano ngang saktong ginagawa nila ngayon, ganoon mismo. Nananamit na parang isang lalaki, na isang kasuklam-suklam na bagay sa Diyos.

<sup>152</sup> May nakita akong samahan ukol sa relihiyon, kailan lang, pumapasok roon para. . . parang may kaunting salu-salo sila halos gabi-gabi, at ang mga kababaihan na 'yun ay nagtutungo roon na ang suot ay itong mga parang purun-. . . O—o ano—o ano nga uli ang tawag n'yo roon? Hindi po shorts, pero ibang bagay po. Oo, 'yung mga puruntong-pedalista. O mga bagay na gaya nun. Nagsusuot. . . Ang kailangan nila'y mapuruntong ng pedal, siyanga; kapatid, 'yun po'y pamalo na *ganoong* kakapal. Ganoon nga. Ang *ped* ay galing sa *pedestrian*, 'yun po'y “dapat sa paa n'yo,” at 'yun mismo ang kailangan n'yo. Ganoon nga.

<sup>153</sup> Pero, oh, sasabihin n'yo, “Buweno, ngayon, sa palagay ko mas disente para sa isang babae na magsuot ng ganoon kaysa sa palda.”

154 Ang sabi ng Diyos, “Isang kasuklam-suklam na bagay sa Kanyang paningin na ang isang babae’y magsusuot ng kasuotang. . .” At kapag gugupitan ng isang babae ang kanyang buhok na gaya sa lalaki. . . Ang nais ng Diyos ay ang isang babae’y mag-itsurang babae, manamit na gaya ng isang babae, umakto na gaya ng isang babae.

155 At ayaw ng Diyos na ang isang lalaki’y may malaki’t makapal na patilya na nakalaylay nang *paganito*, at pagkatapos, ay parang may pato na nakaupo sa likod ng kanyang ulo nang paganito. Ang nais ng Diyos ay magmukha siyang gaya ng isang lalaki. Ganoon, nga. Naku, babaeng-babae ang pananamit nila na halos di na nila malaman kung anong kasarian sila nabibilang. Haya’t—haya’t nakakaawa, itong mga beatnik na ito’t lahat na mayroon tayo ngayon. Hindi na nakapagtataakang nabubuhay tayo sa huling panahon, wala nang natitira sa sanlibutang ito kundi ibubuhos na ng Diyos ang Kanyang galit dito at susunugin ito. Yun na lang. Ang isang matuwid at Banal na Diyos ay wala nang iba pang gagawin.

156 Itinakuwil nila ang Dugo ni Jesus Cristo! Kanilang dinogma ang kanilang sarili! Pumasok sila sa organisasyon! At ang matandang. . . may kung sinong matandang santo padre na ang kanyang. . . matandang walang-asawa na ang kanyang kulyar ay nakabaligtad nang paganoon, dadako roon at sasabihin sa kanila, “Mga binasbasan kong mga anak.” Anupa’t parang inahing baboy lang ang nagsasabi n’yan.

157 Sinasabi ko sa inyo, ang kailangan natin ngayong gabi ay ang manumbalik sa Biblia at sa Espiritu Santo, kapatid, at sa kapangyarihan ng ibinangong mag-uling Cristo na pumasok sa Iglesya na nagpapamalas ng mga tanda’t mga kababalaghan at mga himala. Amen! Yan ang Ebanghelyo. Siyanga.

158 Nagdala. . . kaya. . . Oo, tama nga, ganoon ang ginawa nito. Yung—’yun—’yung rebaybal ay nagdulot ng ilang maiinam na bagay roon, ang rebaybal na ’yun. Pero hindi ’yun nagpausbong ng Espiritu Santo. Hindi nila ’yun napausbong hanggang dito sa kapanahunan ng Laodicea, sa kapanahunan ng Pentecostal. Pero may naidulot ’yun na isang bagay. Itong rebaybal na ito’y nagdulot ng ilang bagay na Kanyang sinabi, “Huwag n’yong hayaang mamatay ito, palakas n’yo at magpatuloy kayo sa pagdaragdag dito.” Kita n’yo?

159 Nagbunsod ’yun ng libreng Biblia para sa mga tao uli. Ibinunsod ng kapanahunan ng Lutheran ang isang libreng Biblia. Naimbento nila ang limbagan at nagsimulang ibigay sa sanlibutan ang Biblia. Pagpalain ng Diyos ang mga Lutheran dahil dun! Siyanga, po. Naipanumbalik nila ang Biblia sa mga kamay ng ordinaryong mga miyembro uli; na dati ay sa pari lang. Ni hindi na nga pinapansin Ito; dahil nakasalalay na lang sa

sinabi ng papa, at siya raw ang diyos; kaya kung anong sabihin niya, 'yun na raw.

<sup>160</sup> Kaya ngayon, ang rebaybal ng Lutheran, ang bagay na ninais nila, ay “palakasin.” Ngayong nariyan na ang Biblia sa inyong kamay, ngayon basahin n’yo Ito! Sampalatayanan n’yo Ito! Huwag n’yong hayaan lang Ito na nakatago sa salansanan ng libro, na sasabihin, “Buweno, mayroon na tayong Biblia.” Wala nga 'yung maidudulot na pakinabang sa pagkakasalansan dun. Napakaraming mga Lutheran mismo sa Pentecostal ngayon, isinasantabi na lang ang Biblia sa kung saan-saan at tinatanggap ang sinasabi-sabi ng kung sino-sino tungkol Dito. Kapatid, basahin n’yo mismo ang Salita! “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sapagkat ang mga ito ang nagpapatotoo sa Akin,” sabi ni Jesus. “Sa mga ito ay mabubulay n’yo na kamit n’yo ang Buhay na Walang Hanggan.” Yun ang bagay na dapat ngang gawin: basahin ang Salita!

<sup>161</sup> Ngayon, sinabi Niya na sadyang, “Manghawakan Doon, ang. . . huwag—huwag n’yong hayaang makawala.” At isa pang bagay na nais Niyang panghawakan nila, mayroon na lamang silang kakaunting lakas na natitira sa kanila, na. . . Ang Lutheran na rebaybal, ang ikalawang bagay na nagawa nito, ibinunsod nito ang doktrina ng pag-aaring ganap na maalaman. Hindi tinatanggap ng Katoliko ang pag-aaring ganap; nakasalalay raw sa iglesyang Katoliko.

<sup>162</sup> Kagaya nung pari na 'yun, na kailangan nila siyang tanggalin sa pagsasahimpapawid dito di pa katagalan. Sabi niya, “Walang ibang kaligtasan saanmang dako kundi sa iglesyang Katoliko.” Ang kaligtasan ay nakay Cristo; hindi sa iglesyang Katoliko, hindi sa iglesyang Protestante. Nakay Cristo, ang kaligtasan. Pero ang pinaniniwalaan ng Katoliko. . . Wala silang pakialam sa kung anong sinasabi ng Biblia; ang mahalaga raw ay kung ano ang sinasabi ng iglesya. Kita n’yo? Hindi n’yo magagawang makipagtalastasan sa kanila, dahil walang paraan mismo—walang paraan mismo para makipagtalastasan sa kanila. Wala silang pakialam. Mayroon daw silang. . . Ang sasaysayin nila sa inyo ay 'yung tungkol sa kanilang katesismo, kung anu-anong gaya nun; haya’t kung dadako kayo sa Biblia, kanilang—kanilang iwinawaksi lang Iyan, “Ito kasi’y sa kung ano ang sinasabi ng iglesya.”

<sup>163</sup> Pero sinabi ni Jesus, sa mismong bagay na ito, si Jesus Mismo ang nagsabi, “Kung may sinuman na mag-aalis o magdadagdag ng anuman Dito, Kanyang aalisin ang bahagi nito sa Aklat ng Buhay.” Sinabi ni Jesus, “Ibunsod ang bawat salita ng tao’y kasinungalingan, at ang sa Akin ang Katotohanan. Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, subalit ang Aking Salita ay hindi kailanman lilipas.” Tama ba? Oh, heto nga Ito, kapatid.

164 Ako’y isang mananampalataya sa Salita ng Diyos! Ganoon nga. At hindi lamang ang Salita na sinasaysay ng Diyos *doon*, haya’t hiniling ko sa Makalangit na Ama na ipagkaloob sa akin ang Espiritu Santo para *pagtibayin* ang Salita na ’yun, upang ibunsod si Cristo na mabuhay sa akin. Sa ganoon ay nalalaman ko na kamit ko ang Buhay na Walang Hanggan, hindi dahil karapat-dapat ako Rito, kundi dahil ipinagkaloob Ito sa akin ng Kanyang biyaya. Yun ang bato. “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya,” ang sabi Niya.

165 Buweno, pag-aaring ganap. Buweno. Ang bagay nga tungkol dun, matapos na maibunsod nila ang isang bagay na hindi dapat nila hayaang mamatay, mangyari nga, na ang Biblia’y kamit na nila uli sa kanilang kamay. Ang mga Lutheran ang nagbunsod nun. At isa pang bagay, kamit nila ang doktrina ng “pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya.” Yun ang bagay na itinuro ni Luther, alam ng lahat na ’yan ang doktrina niya. Pagaari- . . . Hindi n’yo ba nakikita kung gaanong kaganap nito? Pagkatapos dumating si Wesley dala ang pagpapaging banal, pagkatapos hetong dumating ang Pentecostal dala ang bautismo sa Espiritu Santo. Sadyang ganap na ganap. Ngayon aking . . .

166 “Kamit n’yo ang kaunting mga bagay, ingatan n’yo ito ngayon, at—at huwag n’yong hayaan na mamatay. Kung hindi n’yo iingatan ’yan, darating Ako nang mabilis gaya ng isang magnanakaw at kayo’y masasadlak muli sa denominasyon.” At ganoon mismo ang nangyari sa kanila, ganoon mismo, bumalik muli. “Babalik kayo sa mga Nicolaita uli, dahil babalik kayo muli sa pagka-denominasyon. Ingatan n’yo! Manatili kayo sa pagbabasa ng Biblia, at panatilihin ang pag-aaring ganap, at magpatuloy na umuusad.” Pero may munting nalabi nga na lumabas dun. Isang munting nalabi.

167 Pagkatapos, ang unang dumating, si Luther; at pagkatapos dumating si Zwingli; at sumunod, si Calvin; at sunud-sunod, at iba pa, hanggang kay Wesley. Pero may munting nalabi na lumabas doon na nagturo ng pagpapaging banal. At mula sa pagpapaging banal ay dumating ang munting nalabi patungo sa Espiritu Santo. Kita n’yo, ’yung munting nalabi na ’yun, na pinapanatili Yun—Yun na buhay. Buweno.

168 Pero, ikatlo, nagdala sila ng napakaraming paganong anyo ng doktrina na dinala nila palabas, na dala-dala ’yun, katulad ng mga denominasyon, huwad na bautismo. Ngayon, lumabas sila na nagwiwisik at kung anu-ano pang gaya nun, at Ama, Anak, at Espiritu Santo. Dinala nila ang katesismo. Tunay na may . . . tunay na umaangkop sila sa pangalan . . . sa . . . sa sinabi rito ni Jesus, “Mayroon kayong pangalan na kayo’y nabubuhay, pero kayo’y patay.” Ganoon nga. Buweno.

169 Ikaapat, tunay na tinanggal ng repormasyon ang marami sa kanilang pinakintab na mga reliko at—at mga rituwal at kung

ano pa, pero nabigo ito sa iglesya at sa pagpapanauli ng reporma, nabigo ito na ipanumbalik muli ang buong Ebanghelyong katuruan na may mga tandang lumalakip. Hindi 'yun kailanman nakamit ng iglesyang Lutheran. Hindi nila 'yun nakamit; at wala rin sila nun sa Wesleyan na kapanahunan. Nakamit lamang nila 'yun sa dulo ng kapanahunang ito ng Laodicea.

<sup>170</sup> Ngayon, sa pagdako natin diyan, babaling tayo pabalik sa mga Kasulatan at ipakikita sa inyo nang eksakto kung papaano nila ito ipinangako. Wala sila nitong . . . hindi nila napanauli ang Espiritu Santong rebaybal.

<sup>171</sup> Tunay na tumalikod sila mula sa mga diyus-diyosan; at tumalikod sila sa mga diyus-diyosan, totoo naman 'yan. Inalis nila ang mga diyus-diyosan sa iglesya: sina Maria, at Jose, at— at sina Pedro, at Pablo, at lahat sila. Tumalikod sila mula sa mga diyus-diyosan, pero hindi sila bumaling sa nabuhay na mag-uli na Cristo. Inilayo sila ni Luther mula sa mga diyus-diyosan, pero pinatungo sa parang ganoon din sa pulitikal o isang—o isang denominasyon o organisasyon, na pinaging panibagong organisasyon lang sila (isang larawan gaya nung nauna) at sinusubukan na higitan 'yun sa pamamagitan ng denominasyon.

<sup>172</sup> At ngayon sila'y nagaaway-away pa rin. Ninanais pa rin ng Methodist na . . . lahat ng mga Baptist ay maging mga Methodist. At lahat ng mga Lutheran ay nagnanais na ang mga Baptist at mga Methodist ay maging mga Lutheran. Ang nais ng Pentecostal ay lahat ng mga Baptist, Lutheran, at lahat ng iba pa, ay maging Pentecostal. Kita n'yo, ang ginagawa n'yo lang ay magdagdag nang magdagdag sa inyong denominasyon. Pero hindi 'yan ang programa ng Diyos unang-una. Ang programa ng Diyos ay maipanauli pabalik ang naroon na sa pasimula.

<sup>173</sup> Tingnan n'yo! Ibangong mag-uli 'yun! Kung ang aklat na ito'y mahuhulog sa sahig, ngayon kung kukuha kayo ng ibang aklat at gagamitin 'yun na hahalili ay hindi 'yun pagpapanauli, ni pagbabangon na mag-uli. Kinakailangan n'yong pulutin ang *siya ring* isa na 'yun. Amen. Kaya kung ang iglesya'y namatay sa Madilim na Kapanahunan at naging ganap na pagano *rito*, kung ganoon ang pagpapanauli, ang . . . Yun ay isang repormasyon, ireporma; pero ang *mareporma*, at ang *maipanaganak na muli*, ay dalawang magkaibang bagay. Kita n'yo? Dinala nila pabalik ang repormasyon, pagrereporma, tumalikod mula sa napakarami nilang mga diyus-diyosan at iba pa, pero hindi nila kailanman ipinanumbalik ang Espiritu Santo sa iglesya. Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon! Kapatid na lalaki, kapatid na babae, nakikita n'yo ba ito? Hindi nila kailanman ipinanumbalik ang Espiritu Santo, dahil ang isa na totoong nagdadala ng tunay na Ebanghelyong Liwanag . . . Nilayin n'yo po ito ngayon. Ang nagdadala ng tunay na Ebanghelyong Liwanag ay ang anghel ng iglesya *rito*. Ngayon, makikita natin 'yan sa Linggo.

174 Ngayon, naglalagay nga sila ng mga liwanag sa ibabaw ng mga liwanag, at Cristianong mga liwanag, pero sila't ang bawat isa'y bumabalik sa organisasyon na 'yun. Pero may isa mismo na darating na maninindigan laban sa kanya. Siyanga, po. At hahatakin niya ang nalabi mula roon nang ganitong katiyak sa pagkakatayo ko rito sa pulpito. Ganoon nga. At siya'y babalik diretso sa pasimula. At kukunin ko ang mga Kasulatan mula sa Lumang Tipan at Bagong Tipan at patutunayan 'yan sa inyo na kanyang gagawin 'yan, ang anghel ng iglesya ng Laodicea, ganoon nga, manunumbalik diretso sa orihinal at ibabangong mag-uli ang bagay na ito rito uli. At ang pagkabuhay na mag-uli ay darating sa araw na ito *rito*. Ganoon nga.

175 Pero hinatak ni Luther ang iglesya palabas, ang nakatakas. Ang nakatakas na *isa*, isang hakbang, pagpapaging-. . . pag-aaring ganap. Ang nakatakas, siya'y may isang paa na nakalabas mula sa paganismo. Ayos lang 'yan. Sa susunod, kailangan dalawang paa na ang nakalabas. Ganoon nga.

176 Katulad ng. . . Napansin n'yo ba sa Biblia na may—may tubig na lumalabas mula sa likod ng Templo? At sabi niya nakita niya ang tubig na tumataas hanggang sa kanyang mga tuhod; tapos ang sumunod, ang tubig daw ay umabot na sa kanyang baywang; at ang sumunod, umabot na hanggang sa kanyang ulo. Pero noong umabot na sa kanyang ulo, humantong na siya sa kalagayan na nagagawa na niyang makalangoy. Kita n'yo, kinakailangan na niya mismong lumangoy.

177 Kaya humahantong tayo sa isang dako ngayon na kailangan nang lumangoy o kung hindi'y malulunod. Ganoon nga. Lulunurin kayo nito at aanurin kayo palayo nang lubos, o palalapitin, 'yun ang isa. Kaya, ito'y sa lumangoy o sa malunod! Hallelujah! Oh, ikinagagalak ko ang Espiritu Santo! Hindi ba't kayo rin?

I'm so glad that I can say I'm one of them.

I'm one of them, . . . (Anong *sila*? Hindi *ito*, 'yun,  
o 'yun, o 'yun.)

. . . so glad that I can say I'm one of them;  
(Hallelujah!)

One of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them.

Hindi ba't ang ganda n'yan sa pandinig? Pakinggan n'yo:

Sa itaas na silid sila'y nagtitipon,  
Nananalangin lahat sa Ngalan Niya,  
Nabautismuhan sila ng Espiritu Santo,  
At ang kapangyarihan sa gawai'y dumako;  
Ngayon ang ginawa Niya sa kanila sa araw na  
'yun

Gagawin din Niya sa inyo,

Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.



Oh, one of them, I'm one of them,  
 I'm so glad that I can say I'm one of them;  
 (Hallelujah!)  
 One of them, one of them,  
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

178 Sila ba'y nag-aaral sa mga seminaryo? Hindi. Ang ilan sa kanila'y ni hindi nga maisulat ang kanilang sariling pangalan. Ganoon nga. Hindi 'yun magawa ni Pedro. Sinabi ng Biblia na siya'y mangmang at hindi nakapag-aral, siya at si Juan. Pero kinailangan nilang sumunod sa kanila, dahil nalalaman nila na sila'y nakasama ni Jesus.

Gayong hindi nakapag-aral ang mga taong ito  
 (Edukado.),  
 O may maipagmamalaki mang kabantugan  
 ng mundo ("Oh, purihin ang Diyos, marami  
 akong mga *ganito-at-ganoon.*"),  
 Natanggap nilang lahat ang kanilang  
 Pentecostes,  
 Nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus;  
 At ipinapamalita nila ngayon, sa malayo't  
 kalaparang dako,  
 Na ang Kanyang kapangyarihan ay  
 nananatiling ganoon pa rin,  
 Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.

Oh, one of them, one of them,  
 I'm so glad that I can say I'm one of them;  
 One of them, one of them,  
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

179 Hindi ba kayo nagagalak dahil diyan? Ako'y nagagalak na isa ako sa kanila. Mas pipiliin kong maging isa sa kanila kaysa sa anupamang iba na nalalaman ko. Oh, mas pipiliin kong maging isa sa kanila kaysa sa maging Presidente ng Estados Unidos o maging hari ng mundo. Aking . . . Kung ang Panginoong Jesus ay lalakad dito, sasabihin, "Aking ipanunumbalik ka sa edad na dalawampu o gagawin kang isang tagapamahala, isang hari ng buong mundo, at bibigyan ka ng sampung libong taon na—na buhay dito sa lupa, na mananatili kang beinte anyos; walang araw na magkakasakit ka, ni pighati man sa puso, at ang lahat ay panay kagalakan at lahat, at hari ng buong mundo, na mabubuhay ng sampung libong taon; o mas pipiliin mo na maging isa sa kanila at sadyang magpapakasakit gaya ng ginagawa mo?"

180 Sasabihin ko, "Ako'y nagagalak na masasabi kong isa ako sa kanila!" Matapos ang sampung libong taon, ay ano nga? Pero Ito kasi'y Walang Hanggan. Papaano Ito dumating, kapatid? Oh, Ito'y dumating nga mismo sa pamamagitan ng Dugo. Tama. Kayhaba-haba na rin ng tinugaygay Nito, at Ito'y dumating

sa pamamagitan ng pagsasalaman ng Diyos at nanahan sa kalagitnaan natin:

Sa isang sabsaban malaon na, alam kong gayon na nga,

Isang Sanggol ang isinilang upang iligtas ang tao sa kanilang kasalanan.

Nakita Siya ni Juan sa dalampasigan, ang Cordero magpakailanman,

Oh, si Cristo, ang Napako sa Kalbaryo.

Oh, iniibig ko ang Lalaking 'yun na taga-Galilea, taga-Galilea,

Dahil napakarami Niyang ginawa para sa akin.

Pinatawad Niya'ng lahat na sala ko, inilagay sa akin ang Banal na Espiritu;

Oh, iniibig ko, iniibig ko ang Lalaking taga-Galilea.

Ang babae sa may balon, sinaysay Niya ang lahat ng sala nito, (Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.)

Kung papaanong lima ang asawa niya ng panahong 'yun.

Siya'y pinatawad sa bawat kasalanan, at nanahan ang lubos na kapayapaan;

Sumigaw siya, "Halikayo't tingnan ang Lalaking ito na taga-Galilea!"

Oh, iniibig ko ang Lalaking 'yun na taga-Galilea, taga-Galilea,

Dahil napakarami Niyang ginawa para sa akin.

Pinatawad Niya'ng lahat na sala ko, inilagay sa akin ang Banal na Espiritu;

Oh, iniibig ko, iniibig ko ang Lalaking taga-Galilea.

Isang publikano ang nagtungo para manalangin sa templo isang araw,

Siya'y nagsumamo, "Oh Panginoon, kahabagan Mo ako!"

Siya'y napatawad sa bawat kasalanan, at nanahan ang lubos na kapayapaan;

Kanyang sinabi, "Halikayo't tingnan ang Lalaking taga-Galilea."

Gustung-gusto ko 'yan. Hindi ba't kayo rin?

Ang lumpo'y pinalakad, ang pipi'y pinagsalita, Ang kapangyarihan na 'yun ay sinalita na may pag-ibig doon sa dagat;

At ang bulag ay pinaging makakita, alam kong  
 ito'y naisagawa lamang  
 Dahil sa awa ng Lalaking 'yun na taga-Galilea.

Awitin n'yo ito kasama ko:

Oh, I love that Man of Galilee, of Galilee,  
 For He's done so very much for me.  
 He's forgiven all my sin, placed the Holy Ghost  
 within;  
 Oh, I love, I love that Man of Galilee.

<sup>181</sup> Hindi ba't gustung-gusto n'yo Ito? Oh, grabe! Itong mainam, na Espiritu Santong Ebanghelyo, oh, ganoon na lamang na iniibig ko Ito. Iniibig ko Siya nang buong puso ko. At ako'y nagagalak ngayong gabi na ako'y ibinilang kasama nila, at tayo'y magkakasama bilang mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae. Mga Baptist, mga Methodist, Pres-...Katoliko, Presbyterian, anupamang iba, dinala tayo palabas ng Diyos mula sa lahat ng antas ng pamumuhay at dinala tayo rito sa dakilang pakikipag-isa sa Espiritu Santo. Na hindi nabibilang sa anumang denominasyon, nasa sa kanila na 'yan kung anong gawin nila, pero tayo'y nasa isang mistikong Kaharian. Tayo'y binautismuhan tungo sa mistikal na katawan ni Jesus Cristo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Sino? Methodist, Baptist, Presbyterian, at sinuman ang may nais, tulutan siyang makalapit.

<sup>182</sup> Sinabi ni Jesus, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin, at wala ni isa sa kanila ang mawawaglit, at Aking ibabangon silang muli sa huling araw." Oh, grabe! Lagi nating inaawit noon ang isang lumang awit sa may altar dito; hindi ko alam kung puwede ba nating awitin 'yan ngayon o hindi, "Lugar, lugar, oo, may lugar, may lugar sa bukal para sa akin." Gusto n'yo ba ang mga lumang awitin na gaya n'yan? Sige't ibigay n'yo sa amin ang tipa, kung sino mang nakakaalam kung papaano 'yun pasimulan. Nasaan po ang ating piyanista? Nandito ba siya? O si Kapatid na Teddy o sinuman sa kanila rito? Sila? Oh, naku, hindi ko—hindi ko siya nakikita kung saan.

Room, room, yes, there is room,  
 There's room at the Fountain for thee;  
 Room, room, yes, there is room,  
 There's room at the Fountain for thee.

<sup>183</sup> Gusto n'yo ba ang mga lumang awitin na ito? Haya't gustung-gusto ko rin ito:

Down at the cross where my Saviour died,  
 Down there for cleansing from sin I cried;  
 Oh, there to my heart was the Blood applied;  
 Glory to His Name!  
 Glory to His name! (His precious Name!)  
 Oh, glory to . . .

Sige't ipikit natin ang ating mga mata ngayon at awitin ito.

Oh, there to my heart was the Blood applied;  
Glory to His Name!

I am so wondrously saved from sin,  
Jesus so sweetly abides within,  
There at the cross where He took me in;  
Glory to His Name!

Glory to His name! (That precious Name!)  
Glory to His name! (Precious Name!)  
There to my heart was the blood applied;  
Glory to His Name!

<sup>184</sup> Ngayon habang inaawit natin itong kasunod na talata, makipagkamay po kayo sa sinuman sa harapan n'yo, likod n'yo, sa mga nasa tabi n'yo.

Come, to this Fountain so rich and sweet;  
Cast thy poor soul at the Saviour's feet;  
Oh, plunge in today, and be made complete;  
Glory to His Name!

Glory to His name! (That precious name!)  
Glory to His precious Name!  
There to my heart was the Blood applied;  
Glory to His Name!

Oh, gustung-gusto ko 'yan. Hindi ba't kayo rin?

Glory to His name! (Precious Name!)  
Glory to His Name!  
There to my heart was the blood applied;  
Glory to His Name!

<sup>185</sup> Oh, grabe! Ikinagagalak ko talaga 'yan. Hindi ba't kayo rin? Ikinagagalak ko na makalapit sa Bukal na ito na masagana at kalugud-lugod, na ilapag ang kaawa-awa kong kaluluwa sa paanan ng Tagapagligtas.

<sup>186</sup> Naalala ko nung isang araw, noong binatilyo pa ako, mga labing-walong taong gulang, na tumatakbo palayo sa Panginoon. Nagtungo ako sa Kanluran, gusto kong . . . Ang tatay ko'y mangangabayo, at nais kong magtungo roon at magsanay sa pagsakay sa mga kabayo. May kung anong bagay na nagugutom sa puso ko. Oh, sinasabi ko sa inyo!

<sup>187</sup> Nagtungo ako sa mangangaral na Baptist, sabi niya, "Tumayo ka at sabihin mo lang, 'si Jesus ang Anak ng Diyos,' ilalagay namin ang iyong pangalan sa aklat." Hindi 'yun nakasapat sa akin.

<sup>188</sup> Sa lahat ng dako ako'y nagpunta . . . Sa Seventh-day Adventist, nagtungo ako para makipagkita sa kanya, isang mainam na lalaki, si Kapatid na Barker, kalugud-lugod na kapatid, sabi niya, "Billy, halika lang at tanggapin ang sabbath

ng Panginoon.” (Na nakamit ko na ngayon.) Pero ang sabi niya, “Ang araw ng sabbath.” At sa isip-isip ko, “Oh, naku, hindi pa rin ‘yun umuubra.” Kita n’yo.

189 Nagtungo ako sa Kanluran, at sa isip-isip ko. . .Nagtungo ako roon nang gabi, tinitipon namin ang mga baka. At, alam n’yo, ilalabas mo ‘yung angkasan at ‘yung bag mo na pang-camp, at ilalatag ‘yun, at gagamitin ‘yung angkasan mo bilang unan. At nakahiga ako, doon sa ilalim ng matatandang puno ng pino noong gabi na ‘yun. At ako ang tagapagbantay sa umaga, at kaya ‘yung mga kalalakihan na panggabi’y inilalabas ang mga baka. At may matandang lalaki dun na tinatawag na “Slim,” na taga-Texas, mayroon siyang isang—isang gitara at tinutugtog niya:

Glory to His Name!

190 May isa pang lalaki dun na may suklay na may piraso ng papel, na hinihipan-hipan niya. [Inihihiging ni Kapatid na Branham ang, *Glory to His Name*—Pat.] May iba pa silang inaawit na ibang awitin, mga pang-cowboy na balad, at inaawit mismo ‘yung *Down at the Cross*.

191 Grabe! Bumaling nga ako, kinumutan ko ang sarili ko hanggang ulo nang *paganito*. Sumilip ako sa labas, alam n’yo, at mukha ngang ang mga bituwin ay nakabitin mismo na malapit sa ibabaw ng mga punong naroon at sa mga bundok. Yung matandang panghabang-panahon na bulong ng mga puno ng pino, nauulinigan ko Siya na sumisigaw, “Adan, nasaan ka?”

192 Mga tatlong linggo pagkatapos nun, nagtungo ako sa siyudad at lahat ng mga binatang kasama ko ay nalasing, at hindi ako uminon. Kinailangan kong dalhin silang lahat pauwi, pinagsiksikan ko sila sa sasakyan, ano’t anuman. At lumabas sila doon at pinupunterya nila ang paa nung isa pa, at lahat na, at delikado ngang maging maingat; guguhit ng tuwid na linya doon, at magpupustahan sila sa isa’t isa ng limang dolyar pa kung malalakaran nila ‘yun, at ni hindi nga sila makalakad nang diretso doon sa gilid ng kalsada nang ganoon ang kalagayan, alam n’yo. At ganoon ang ginagawa nila hanggang sa mahimasmasan sila, matapos silang masuwelduhan.

193 At naroon ako at lahat sila’y nagsisipag-inuman, lumayo ako at naupo. Sa isip-isip ko, “Naku, naku!” Mga tatlumpu’t limang taon na nun ang nakararaan, o tatlumpu’t lima, sa palagay ko, tatlumpu’t limang taon ang nakararaan. At naupo ako roon, nakabukod. Ang Phoenix po’y maliit pa lang na lugar noon, nanggaling pa kami roon sa Wickenburg. Nakaupo ako roon, at may munting Kastilang babae na dumadaan-daan doon; at ako nama’y nakaupo roon na itong malaking sumbrero na ito’y nasa likod ng ulo ko; dumaan siya at inihulog niya ang munting panyo na ito, alam n’yo. Sabi ko, “Uy, nahulog mo ang panyo mo.” Hindi ako interesado.

194 May narinig akong munting ingay sa pababa ng kalsada roon, at pumunta ako roon. At may kalugud-lugod na binatilyo doon na napagbagong-loob mula sa mga kuwadra ng kabayo roon, may mga peklat sa buong mukha niya, at ang luha ay tumutulo sa kanyang mga pisngi roon, naggigitara, umaawit:

Glory to His Name!

195 Oh, grabe! Ang mga luha'y tumutulo mismo sa kanyang mukha, huminto siya at nagsabi, "Kapatid, hindi mo maiintindihan ito hanggang sa matanggap mo mismo ang kamangha-manghang Cristo na ito."

Glory to His Name!

196 At ibinaba ko ang malaking sumbrero na 'yun at umalis ako. Oh, naku! Hindi n'yo nga magagawang magtago mula sa Kanya. Mas mabuti na dumulog kayo at magtapat sa Kanya. Oh, kahanga-hanga Siya! Oo, Siya nga.

I am so wondrously saved from sin,  
Jesus so sweetly abides within, (na *lumalagi* sa  
kaibuturan!)

There at the cross where He took me in;  
Glory to His Name!

Glory to His name! (Name!)

Glory to His Name!

Oh, there to my heart was the Blood applied;  
Glory to His Name!

Oh, come, to this Fountain so rich and sweet;  
Just cast your poor soul at the Saviour's feet;  
Oh, plunge in today, and be made complete;  
Glory to . . .

Ngayon iyuko po natin ang ating mga ulo, sige't itaas natin ang ating mga kamay ngayon:

Glory to His name! (Glory, glory!)

(Oh God!) (Precious Name!)

There to my heart was the blood applied;  
Glory to His Name!

197 Luwalhatiin ang Diyos! Tayo po'y tumayo na. Oh, sandali lang po, sige't, sige't maghintay.

[Isang kapatid na babae ang nagsasalita sa iba't ibang wika, isang kapatid na lalaki ang nagbibigay ng interpretasyon—Pat.] Opo, Panginoon.

198 Ngayon kung mayroon pong ilan dito na di nalalaman kung ano 'yun, 'yun po'y Pentecostes, ang Espiritu Santo'y nangungusap. Sinabi ni Jesus, "Humayo kayo sa buong mundo, ipangaral ang Ebnaghelyo. Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya. Sila'y magsasalita sa bagong mga wika; kung magpapatong ng mga kamay sa maysakit, ang

mga ito'y gagaling." Lahat ng mga bagay na ito na Kanyang ipinangusap, ito'y magaganap.

<sup>199</sup> Oh, ako'y galak na galak. Nakikita n'yo ba ang Espiritu Santo na dumarating, pinapatotohanan ang Salita na 'yun? Isang liwanag, tanggapin n'yo ito, huwag—huwag n'yong pag-alinlanganan ito. Tanggapin n'yo lamang ito at Siya'y makikipag-ugnay sa inyo bilang isang anak at gagabayan kayo. Hindi ba't kalugud-lugod na gagawin 'yan ng Espiritu Santo? Ang Espiritu Santo'y nasa atin.

<sup>200</sup> Naalala ko noong isang beses sa Biblia, hindi nila alam kung saang direksyon ba manggagaling 'yung bagay na ito, parating ang kaaway, at ang Espiritu Santo'y bumaba sa isang tao na ito nang paganoon, at sinabi sa kanila nang eksakto kung saan magtungo. At nagtungo sila roon, at nilito ng Diyos ang kabilang hukbo at binulabog sila. Ganoon nga.

<sup>201</sup> Oh, tayo'y nabubuhay pa rin sa mga araw ng Biblia, diba? Amen. Sa tuwina mismo, habang ang Espiritu Santo'y narito.

<sup>202</sup> Oh, tayo po'y tumayo habang tayo'y umaawit:

Take the Name of Jesus with . . .

Alalahanin n'yo ang mensahe.

Child of sorrow and of woe;  
It will joy and comfort give you,  
Take It everywhere you go.

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven;  
Precious Name, (That precious Name!) (How  
sweet!)

Hope of earth and joy of Heaven.

Take the Name of Jesus with you,  
As a Shield from every snare;  
When temptations around you gather,  
Breathe that Holy Name in prayer. (Purihin ang  
Diyos!)

Precious Name, O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven;  
Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven.

Pakinggan n'yo ang talata na 'yun:

Take the Name of Jesus with you,  
As a Shield from every snare;  
When temptations around you gather,  
Breathe that Holy Name in prayer.

Oh, awitin natin ito uli:

Take the Name of Jesus with you,  
As a Shield from every snare;  
When temptations around you gather,  
Breathe that Holy Name in prayer.

Sige't iyuko natin ang ating mga ulo ngayon:

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven;  
Precious Name, O how sweet! (How sweet!)  
Hope of earth and joy of Heaven.





*ANG KAPANAHUNAN NG IGLESYA NG SARDIS* TAG60-1209  
(The Sardisean Church Age)

SERYE NG ANG KAPAHAYAGAN UKOL KAY JESUS CRISTO

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Disyembre 9, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)